# Mga Makabagong Kaganapang Pinaglinaw Ng Propesiya

San Bernardino, California, USA
Desyembre 6,1965

1 Magsiyuko tayo. Mahal naming makalangit na Ama, pinasasalamatan Ka po namin ngayong gabi sapagkat tinutugon Mo ang aming panalangin. Ang abang babaeng nakahiga roon na mahal sa amin at hindi natulungan ng operasyon, ngunit o Diyos, naaalala namin ang unang operasyong isinagawa sa lupa; Ikaw mismo ang nagsagawa no'n. Kumuha Ka sa tagiliran ni Adan ng isang tadyang, isinara Mo ang hiwa, at lumalang ka ng isang asawang babae. O Ama, idinadalangin ko ngayong gabi na iunat Mo ang Iyong kamay, at gawin ang dakilang bagay na ito na aming hinihiling. At ang iba pang ito, Panginoon, ang babaeng ito na nahihirapan ang pag-iisip. Lahat ng iba pang may mga kahilingan, ipinagkakatiwala namin sila sa Iyo, Ama, nang buong puso namin. Sa Ngalan ni Jesus Cristo. Amen. Tunay ngang isang pribilehiyong maparito ngayong gabi at makita ang ganito kainam na mga tagapakinig, at mahusay na pag-aawitan, ang kahangahangang choir . . . Iniisip ko lang ang kaibahan, ang makitang nakatayo ang mga kabinataan, napakalinis pagmasdang mga kabataan, malilinis ang gupit. Naisip ko, ang tinutuluyan kong lugar kagabi; isang lupon ng mga siga-siga ang pumasok do'n at nagtangkang lunurin ang isang batang lalaki sa swimming pool; kinailangan nilang tumawag pa ng kung ano para mapaalis sila roon. Anong laking kaibahan, ang makitang nakatayo ang mga kabataan, umaawit ng mga awitin ng Ebanghelyo, ibang-iba talaga.

2 Nag-iisip ako, tulad ng sinabi ni Brother Henry, "ang mga lalaking iyon na may buhok na tulad ng nararapat sa mga babae . . ." Naiintindihan n'yo ba? Tama. Parang—nakikita ko ang mga binatilyong gano'n ang buhok, kinakabitan pa mga nila ng rollers, paikot sa kanilang mukha. At ewan ko, ako'y . . . Minsan nanlulumo ako. Tila totoong panahon na nga ito ng kabuktutan. Ang mga lalaki ay nagsusuot ng mga damit pambabae, ang mga babae naman ay nagsusuot ng mga damit panlalaki. At ang mga kalalakihan ay nagpapahaba ng kanilang buhok tulad sa mga babae, at ang mga kababaihan naman ay may mga buhok na tulad sa mga lalaki. Ano na nga ba ang nangyayari sa mga taong ito? Talaga nga bang nilisan na ng pinakadiwa ng kadisentehan at karangalan ang bansang ito at ang liping ito, ang sanlibutang ito?

Isa itong kahindik-hindik na panahon, ngunit ito rin ang pinakamaluwalhating panahon sa sanlibutan upang ipangaral ang Ebanghelyo. Kung nagawa ko lang na tumayo sa labi ng panahon bago pa ito nagsimula, at ako ay tinignan ng Ama at sinabihan, "Anong panahon sa mga kapanahunang ito ang nais mong pangaralan?" Ito mismo ang gugustuhin ko, ang panahon ito mismo, bago Siya dumating.

3 Tinitignan ko ang mga tagapakinig, na nasa ating harapan . . . Isang kaibigan kong ministro sa Tucson ang nangangabayo kahapon. (At naiisip ko ang lalaking ito na may—ang babaeng ito na nabalian ng likod.) Hinagis siya ng kabayong ito. Isa pang lalaki ang tumawag sa akin ng ala-una ng umaga sa hotel at nagsabing, "Ang lalaking iyon ay nasa Veteran's Hospital, at nakatulala siya, bugbog ang likod, ang bato niya ay namamaga, at ang puso ay malapit nang tumgil sa pagtibok." At lumuhod ako sa sahig, pinalapit ko siya sa kabilang dulo ng telepono, at ipinanalangin. At nakaupo siya rito ngayong gabi. Kagabi iyon nangyari. Bob, maaari bang tumayo ka riyan, at . . . Tumutugon ang Diyos sa panalangin, umaga, gabi, tanghali, hatinggabi, o anumang oras.

4 Ngayon, mahaba akong mangaral, gaya ng sabi nila. Sadyang ayaw kong magsimula nang ganito na kagabi, at naisip ko na pumarito lamang. Nung isang gabi, aba, nagsasalita kami dito sa isang lugar, at labinglimang minuto pa lamang akong nagsasalita, nagliligpit na ng mga plato ang mga tao at sinisenyasan na ako, "Huminto ka na. Tumahimik ka na; kailangan n'yo nang lumabas dito," at naninigarilyo sila, at kung anu-ano ang ginagawa. Hindi iyon kasalanan ng mga nagpakain; kundi ng mga taong nagpaupa ng lugar. At umikot ang asawa ng chairman at sinabi ito sa manager, ang sabi . . .

Ang sabi, "Buweno, dapat ay wala na kayo rito ng alas 9:30."

Ang sabi niya, "Hindi n'yo iyan inilagay sa kontrata."

Ang babaeng ito ay nagpunta ngayong gabi (napakabait na babae) at ang sabi niya, "Naunawaan naming kailangan n'yo ito," ika niya, "gamitin n'yo lang hanggat kailangan n'yo." Kaya't napakaganda no'n. Pinapasalamatan ko iyon nang husto. Napakainam no'n.

5 Nagkaroon ako ng pribilehiyong makapunta sa Assemblies of God kung saan sa wari ko'y nagpapastor ang isang Brother Boone. Nagkaroon kami ng ng napakagandang panahon sa lupong iyon. At bukas ng gabi, magtutungo kami sa isang lugar dito; hindi ko alam kung saan iyon, at iba namang tsapter ito. Sila ang nagaasikaso no'n; patuloy lang akong nananalangin, nagbabasa, at nagpapatuloy, at sa gano'n lang ako nakakaagapay.

6 Ngunit ngayon, nakakakita tayo ng mga kakatuwang bagay sa araw na ito. Naaalala ko nung huling naririto ako sa isang tent meeting. Nabanggit ko ito kagabi, tungkol sa mag-asawang nagdala ng kanilang patay na sanggol. Galing sila sa gawing ito, bumiyahe sila nang maghapon at magdamag, nakaupo ang ina, malungkot, karga ang kaniyang munting sanggol. Marahil ay nakaupo siya ngayon dito, wari ko. At

siya'y . . . Ang asawang lalaki, may dalawa pang mag-asawa silang kasama, at sila ay . . . At ang sabi niya . . . tinanong niya ako kung maaari akong lumapit (ang lalaki ang nagtanong) sa kotse. Inilabas ko ang munting sanggol at hawak-hawak ko ang isang munting wala ng buhay, matigas, at malamig na anyo; nagsimula akong manalangin. Nang manalangin ako, ang katawang iyon ay nagsimulang mag-init. Kaya't ako ay . . . Nagpatuloy akong manalangin; nagsimula siyang pumadyak at kumilos, bumuti, nagsimulang umiyak. Inabot ko ito pabalik sa ina; kasama niya itong inuwi. Marahil ay ni hindi sila mga Cristiano, sa abot ng nalalaman ko. Kita n'yo? Kamangha-mangha iyon.

7 Ngunit ang iniisip ko ngayong gabi, may alam akong iglesiang naghihingalo na rin; ito ay ang ating mga kasamang Pentecostal. Kailangan nating makaalpas dito; iyon lang. At ang tanging paraan para magawa natin ito ay sa panalangin at paghanay sa Salita ng Diyos. Ito ang tanging paraan para magawa natin ito. Iisa lamang ang daan para makalabas dito; Siya ang Daan: si Jesus Cristo na siya pa rin kahapon, ngayon, at magpakailan man. Nais ba nating ang iglesia natin ay humantong sa kalagayang tulad ng winika niya, tulad ng sa Inglatera? Iyan ang dahila't ako'y naging, iniisip n'yong napakagaspang ko, na kinagagalitan kayo. Hindi ko intensyong gawin iyon, ngunit ayaw kong makitang sumapit sa ganiyang katayuan ang iglesia. Kayo man ay hindi gustong magkagayon. Subalit sadyang kailangan mong ibaon ito nang husto hanggang sa maipako at mapakapit mo nang husto. Kailangan itong gawin.

Kaya, ngayong gabi mayaroon lamang akong ilang mga Kasulatan at teksto rito na nais kong ipangusap sa loob ng ilang sandali. Hindi ako magsasabi ng tiyak na haba ng panahon. Pag napagod kayo, aba'y . . . Marahil ay matapos ako sa loob ng tatllumpung minuto, at depende na lang sa . . . Sa tuwina ay ipinauubaya ko na lang sa Espiritu Santo, paano man Niya ako gabayan.

8 Magsiyuko tayo sumandali, kausapin natin ang may Akda bagao natin buksan ang Kaniyang Aklat.

Diyos na Makapangyarihan sa lahat, at May Akda ng Aklat na ito, dumadalangin kami sa pamamagitan ni Jesus Cristo. Nagpapasalamat kami sa narinig na namin ngayong gabi. Kung kailangang tapusin naming ang pagtitipong ito sa pagsasabi ng "Amen," at kami'y magsiuwi na, napakainam na naparito kami, dahil alam naming nakasama Ka namin. At, Ama, sa pagbuklat namin ng Salitang ito, mangusap Ka sa amin nang direkta mula sa Salitang ito, upang malaman namin ang oras na kinabubuhayan namin, nang makapaghahanda kami para sa oras na iyon; ngunit kung kami ay parang bulag na papasok, na hindi nalalaman ang kung ano o ang saan, kung magkagayon ay hindi namin malalaman kung papaanong maghanda. Kaya, Ama, idinadalangin naming ipakita Mo sa amin ang Daong na naroroon, at ang bukas na pinto, at ang Mensaheng nanawagan sa amin upang pumasok. Itulot Mo po ito sa Ngalan ni Jesus Cristo. Amen.

9 Nais kong bumasa ng isang teksto sa Banal na Kasulatan, na matatagpuan sa Aklat ni San Lucas, sa ika-24 na kabanata, ang . . . Magsisimula ako sa ika 13 talata at babasahin ko ang bahagi Nito. At narito, dalawa sa kanila ay naparoroon nang araw ding yaon sa isang nayong ngala'y Emaus, na may anim na pung estadio ang layo sa Jerusalem.

At kanilang pinaguusapan ang lahat ng mga bagay na nangyari. At nangyari, na samantalang sila'y nag-uusap at nagtatanongan, na si Jesus din ay lumapit, at nakisabay sa kanila. Datapuwat sa mga mata nila ay may nakatakip upang siya'y huwag nilang makilala. At sinabi niya sa kanila, Ano ang mga salitaan ninyong ito sa inyong paglalakad? At sila'y nagsitigil, na nangalulumbay ang mga mukha. At isa sa kanila, na nagngangalang Cleopas, sa pagsagot ay sinabi sa kaniya, Ikaw baga'y nakikipamayan lamang sa Jerusalem, at hindi nakaalam ng mga bagay na doo'y nangyari nang mga araw na ito?

At sinabi niya sa kanila, Anong mga bagay? At sinabi nila sa kaniya, Ang mga bagay tungkol kay Jesus na Nazareno, na isang propetang makapangyarihan sa gawa at sa salita sa harap ng Dios at ng buong bayan:

At kung papaano ang pagkbigay sa kanya ng mga pangulong saserdote at ng mga pinuno upang hatulan sa kamatayan, at siya'y ipako sa krus. Datapuwat hinihintay naming siya ang tutubos sa Israel. Oo at bukod sa lahat ng mga ito ay ngayon ang ikatlong araw buhat nang mangyari ang mga bagay na ito. Bukod sa rito iba sa mga babaing kasamahan namin na nagsiparoong maaga sa libingan, ay nakapagtaka sa amin; At nang hindi mangasumpungan ang kaniyang bangkay, ay nangagbalik sila, na nangagsabing sila nama'y nakakita ng isang pangitain ng mga anghel, na nangagsasabing siya'y buhay.

At nagsiparoon sa libingan ang ilang kasama namin, at nasumpungan nila alinsunod sa sinabi ng mga babae: datapuwat siya'y hindi nila nakita. At sinabi niya sa kanila, Oh mga taong haling, at makukupad ang mga pusong magsisampalataya sa lahat ng mga salita ng mga propeta!

Hindi baga kinakailangang si Cristo ay maghirap ng mga bagay na ito, at pumasok sa kaniyang kaluwalhatian?

At magmula kay Moises at sa mga propeta, ay ipinaaninaw niya sa kanila ang mga bagay tungkol sa kaniya sa lahat ng mga kasulatan.

Idagdag nawa ng Panginoon ang Kaniyang mga pagpapala sa pagbasa ng Kaniyang Salita.

10 Ngayon, kukuha ako, kung tatawagin ko itong isang paksa, nais ko itong talakayin: Ang Mga Kaganapan—"Ang Mga Makabagong Kaganapan Ay Pinaglinaw ng Prepesiya." Ngayon, simula't sapul gawi na ng Diyos, ng di nagbabagong Diyos na magbabala sa Kaniyang bayan bago mangyari ang ilang mga pangyayari.

Kung sinaliksik lang ng mga tao ang Diyos sa panahon ng Panginoong Jesus at nalaman nila kung ano ang nakatakdang mangyari, hindi sana nila hinatulan si Jesus na mamatay. Ngunit ang dahilang no'n ay sapagkat kinakailangang matupad ang mga Kasulatan; sapagkat ang mga Hudyo ay kinakailangang mabulag. Alam nating lahat iyon.

Napagtatanto n'yo bang naihula iyang muli sa kapanahunang ito na ating kinabubuhayan? Ang kapanahunan ng iglesiang Laodicea, ang ikapitong kapanahunang ito ng iglesia na kinaroroonan natin ngayon, ay hubad, aba, bulag, at hindi niya nalalaman. Tulad din sa pagbulag Niya sa kanila noon sa layuning maihatid ang Kaniyang mensahe sa kaniyang bayang hinirang, gayon din ang ipinangako Niyang gawin sa araw na ito.

11 At sasabihin ko ito nang buong paggalang sa lahat ng mga kapatid kong lalaki at babae kay Cristo, isa sa mga araw na ito mayroong magsasabing, "Hindi ba't nasusulat na ang ganitong mga bagay ay dapat munang mangyari?"

At tulad din ng dati ang mangyayari, "Katotohanang sinasabi ko sa inyo, dumating na siya, at ginawa nila sa kaniya anumang kanilang inibig."

Nang tanungin nila Siya, ika nila, "Bakit, ang sabi ng mga eskriba, at gayon din ng Kasulatan, na dapat munang duamting si Elias." Sinabi nila iyon kay Jesus. Ang sabi Niya, "Dumating na siya, at hindi n'yo siya nakilala." Kita n'yo? At marahil ganito ito muli magtatapos.

12 Ngayon, nais nating makabalita kung anong magaganap sa kapanahunang kinabubuhayan natin. Naglaan ang Diyos ng Kaniyang Salita sa bawat kapanahunan, may bahagi sa bawat kapanahunan, at dapat nating mapansin na ang isang kapanahunan ay hindi maaaring magpatuloy tungo sa kasunod na kapanahunan. Hindi ito uubra. Halimbawa, tulad ng sinabi ko, sa wari ko'y kagabi o . . . Palagi akong nagsasalita, gabi-gabi, sa iba't-ibang lugar, at minsan ay nauulit ko ang sinasabi ko. Hindi ko sinasadyang mag-ulit ng nasabi ko na. Ngunit sinasabi ko ito: Anong buting mapapala ni Moises kung ipapangaral niya ang mensahe ni Noe? O anong buting mapapala ni Jesus kung ipapanganral Niya ang mensahe ni Moises? O anong buting mapapala ni Martin Luther kung magpapatuloy siya sa mensahe ng Catolico? Anong buting mapapala ni Wesley kung magpapatuloy siya sa mensahe ng Lutheren? Anong buting mapapala ng mga Pentecostal kung magpapatuloy pa sila sa mensahe ng mga Methodista? O anong buting mapapala ng mga Pentecostal na magpatuloy pa sila samantalang tinatawag na ang Nobya? Kita n'yo, papasok na tayo sa panahon ng binhi; tayo ay naririto na sa huling panahon. Ngayon, malibang ang butil ng trigo ay mahulog sa lupa, mananatili itong nag-iisa.

13 Tulad ng isang kritiko, gaya ng mga nabanggit ko nang lumabas ang aklat na iyon, marahil ay mayroon kayo no'n dito sa inyong lunsod, tungkol sa manunulat na Aleman na sumulat ng isa sa mga pinakamapamulang artikulo . . . Isa siyang impidel. Anumapa't hindi ko siya hinahatulan dahil hinatulan niya ako; kundi dahil sa isa siyang impidel, ang aklat na iyon ay hindi dapat mailagay sa istante. At ang sabi niya, "Ang isang Diyos na magagawang umupo at magsabing kaya Niyang buksan ang Dagat na Pula at iligtas ang Kaniyang bayan, at pagkatapos ay uupo lamang at mag-aalukipkip samantalang nakikita Niya ang mga nagaganap sa Dark Ages, ang mga Cristiano'y nilalapa ng mga leon, ang buhok ng mga ina'y binababad sa alkitran, at isinasabit sa krus at sinusunog; at—at ang kanilang mga sanggol . . . Ang mga kagampang ina, binubuksan nila ang tiyan at pinagpupustahan kung ano ang kasarian ng bata; at pagkatapos ay umupo lamang Siya at hinayaang mangyari iyon; at mga taong ito umano'y naglilingkod sa Diyos na ito."

14 Kita n'yo kasi, ang Kasulatan ay isang inspirasyon. Hindi mo mauunawaan ang Kasulatan sa pag-upo lamang at pagbasa Dito sa pananaw ng isang teologo, o kaya'y sa pananaw ng isang kaisipang aral; hindi ito kailan man umubra.

Kausap ko ang isang ministsrong Baptist di pa katagalan, ang sabi niya, "Malibang matutunan natin ang tamang Griego, malibang na ating . . ."

Ang sabi ko, "Sa Nicaean Council, bago pa nga iyon magsimula nagtatalotalo na sila tungkol sa mga salitang Griego sa Biblia." Hindi mo Ito mauunawaan kailanman.

Ang Biblia ay dapat maipahayag sa pamamagitan ng inspirasyon. Tanging iyon lamang, ang kapahayagan. Sinabi ni Jesus kay Pedro, "Sa ibabaw ng batong ito . . ." Ang bato ng kapahayagang ito ang naghahayag kung Sino Siya. "Mapalad ka Simon, anak ni Jonas, hindi ito inihayag sa iyo ng laman at dugo, kundi ang Aking Ama na nasa langit ang nagpahayag ntio sa iyo; sa ibabaw ng batong ito ay

itatayo Ko ang Aking iglesia."

Hindi sa ibabaw ni Pedro, hindi sa Kaniyang Sarili, kundi sa ibabaw ng espirituwal na kapahayagan kung Sino Siya, at Siya ang Salita. San Juan 1, "Nang pasimula ay ang Salita, at ang Salita ay sumasa Diyos, at ang Salita ay Diyos. At ang Salita ay nagkatawang tao at nanahan sa ating kalagitnaan"; Hebreo 13:8, "Siya'y di nagbabago kahapon, ngayon, at magpakailan man."

15 Kaya nga tayo ay nabubuhay sa araw na ito na kung kailan ang manipestasyon ng Salita ng Diyos ay kinakailangang dumating sa isang kapanahunang iba sa panahon ng Pentecostal. Tama. Alalahanin, inyong . . . Isa akong di aral na tao; ngunit hindi mo maaaring talunin ang kalikasan, sapagkat ang Diyos ay kumikilos nang ayon sa kalikasan. Tulad ng nasabi ko, ang araw ay sumisikat at lumulubog; kumikilos sa maghapon, tulad sa isang taong nasa panahon ng pag-aaral, na namamatay sa gabi upang muling sumikat kinabukasan. Pinabababa ng mga puno ang katas sa taglamig, nagpupunta ito sa mga ugat, at nagbabalik sa tagsibol.

Pansinin, itinulad Niyasa butil ng trigo ang Nobya, kaya't kinailangang pahintulutan ng Diyos na magkagayon. Ang marilag, tunay, at totoong iglesiang naitatag sa araw ng Pentecostes, ay lumago nang lumago mula ng araw ng Pentecostes hanggang sa maging isang dakilang iglesia, na kinailangan nitong mahulog sa lupa sa madilim na panahong iyon at maitanim tulad sa lahat ng iba pang binhi. Kinailangan nitong mamatay upang ito ay muling umusbong sa panahon ng repormasyon. Sumibol ito sa persona ng repormasyon, si Martin Luther. At mula roon, tulad sa isang uhay ng trigo na tumutubo. Ang unang lumitaw ay dalawang munting dahon, at pagkatapos ay patuloy na nadagdagan ng mga dahon. Umusbong si Martin Luther, at pagkatapos ay si Zwingli, at sunod-sunod na, si Calvin, at ito ay nagpatuloy pa.

16 Sa dulo ay nagtungo ito sa bulaklak. Ngayon, iyon ay si John Wesley sa kapanahunan ni Wesley. Nagkaroon na ito ng borlas. Mula roon ay dumating ang kapanahunan ng Pentecostal, kahawig na kahawig, parang tunay na butil na ng trigo kung titignan mo ang uhay. Ngunit kung kukunin mo ang trigong iyon at bubuksan, walang isa mang butil na naroroon; isa lamang itong ipang kahugis ng isang butil.

Ngunit inilagay iyon do'n para sa isang layunin, ang kanlungin ang binhi hanggang sa . . . Kung tatamaan iyon ng sikat ng araw nang ganoon, mamamatay ito.

Kinakailangang manatili ito doon hanggang sa takdang panahon, at pagkatapos ay lilisanin na ng lahat ng buhay ang ipa (kung papaanong nilisan nito ang uhay, gayon din ang bulaklak), lilisanin nito ang ipa at ito ay magtutungo na sa trigo, at maaanyuan itong muli tulad nung ito ay nasa lupa.

17 Ngayon, alam nating lahat na kapag may may mensaheng naipagkaloob, sa loob ng tatlong taon ay bumubuo sila ng isang organisasyon. Kapag ginawa nila iyon, kagyat itong namamatay; gano'n ang nangyari sa panahon ni Wesley; gano'n ang nangyari sa panahon ni Alexander Campbell, at lahat ng iba pa; at gano'n ang nangyari sa panahon ng Pentecostes. Tamang-tama nga. Kita n'yo? Hahantong kayo sa isang lugar, na ang bawat isa ay nagiging pormal, at nalilihis, at hindi na nila kayang tumanggap ng bagong kapahayagan. Napapanatag na sila; at hayun na sila, at doon na sila namamatay. At ang buhay ay dumaraan do'n, at nagpapatuloy hanggang mabuo ang trigo. At pagdating ng trigo, ang buhay na dumaloy sa buong halaman ng trigo ay palilitawin ng pagkabuhay na muli; iaangat ito para sa pag-agaw.

18 Ngayon, alalahanin, nagsimula ang mensaheng ito sa Makadiyos na pagpapagaling (Divine healing), at paggawa ng mga himala. Ngayon, kapag pinadaan iyan ng Diyos sa isang karaniwang iglesia katulad ng naranasan natin, kung magkagayon ay hindi iyon sa Diyos. Hindi kinakailangang magyabang ng Diyos; hindi Niya kailangang gawin ang mga bagay na ito upang aliwin tayo, tulad ng kinasanayan nating mga Amerikano (ang paglilibang), ngunit ginagawa Niya iyon upang mapukaw ang pansin ng mga tao, na mayroon Siyang napipintong gawin.

Tignan natin Siya mismo nang maparito Siya, ang kahanga-hangang propeta, ang Rabi, ang Propeta ng Galilea."

Aba, kahanga-hanga ang Kaniyang ministeryo; tinatanggap Siya sa bawat simbahan. Ngunit isang araw ay umupo Siya at nagsabi, "Ako at ang Ama ay iisa." 40 "Ay, naku." Wala na iyon. "Layuan n'yo ang ganiyang tao."

"Malibang kanin n'yo ang laman ng Anak ng tao at inumin ang Kaniyang Dugo, wala kayong Buhay sa inyong sarili."

"Aba, isa siyang bampira. Layuan n'yo ang ganiyang uri ng tao." Kita n'yo?

Kita n'yo, may isang bagay na kailangang sumunod sa tandang iyon. Kita n'yo? May isang bagay na sumunod dito.

Kinanlong ito ng ipa, ngunit ngayon ang ipa ay kumakalas na; kinakailangang mangyari ito. Nasa dulo na tayo ng mga denominasyon; ang trigo ay nagkakahugis na. Ngunit ano nang nangyayari ngayon sa trigo, hindi mo maaaring . . . Kinakailangan itong mabilad sa Presensya ng Anak (Son) upang mahinog bago ito damputing ng pang-ani.

19 Ngayon, ang mga kaganapanang nakikita nating nangyayari, ang mga ito ay walang pasubaling naipakita sa Biblia, ang tugkol sa bawat kapanahunan. Iniisip nating nawawala tayo sa kaayusan, ngunit hindi naman; ang lahat ay kumikilos nang akmang-akma sa Salita ng Diyos.

Ngayon, ang Biblia ay kakaiba sa alin mang ibang sagradong aklat. Walang aklat na katulad ng Biblia, sapagkat ang Biblia ay ang Diyos sa anyong Salita. Kita n'yo? Isa itong . . . Ang isang "salita" ay "isang kaisipang naipahayag." Ipinahayag ng kaisipan ng Diyos ang Kaniyang mga Salita sa pamamagitan ng mga propeta; at isinulat nila ang Biblia, na nasa anyong salita. At tinawag Iyon ni Jesus na isang Binhi. At anumang binhi ay mamumunga ng kauri nito kung ito'y nasa tamang kalagayan, o tamang kapaligiran. Ngayon, ang Aklat na ito ng—ay isang . . . Ang Aklat na ito ng hula, Ito'y naghahayag ng mga kaganapang panghinaharap. Ngayon, ang aklat na ito ay naglalaman ng buong kapahayagan ni Jesus Cristo. Hindi ka dapt magdagdag Dito, o magbawas man, at bawat kapahayagan ay kinakailangang dumating sa pamamagitan Nito. Kita n'yo, dapat itong maging ayon sa Salita.

20 Kaya't ang mga tao ay nagsasabi, "Nagkaroon ako ng kapahayagan." Oo, alam nating si Joseph Smith at marami pang iba ay nagkaroon ng mga kapahayagan at iba pa, ngunit salungat sa Salita.

Dapat itong dumating ayon sa Salita kung ito ay mula sa Diyos, sapagkat layon nitong patunayan ang Presensiya ng Diyos. At alam na Niya ang lahat ng mga bagay na ito noon pa man, dahil . . . Sa pamamagitan ng Kaniyang paunang kaalaman itinalaga Niya, itinakda na Niya, (ang tawag dito sa Biblia) pinredestina Niya ang bawat kapanahunan sa takda nitong lugar, at ang bawat isa sa kaniyang lugar, at bawat mensahero sa kaniyang lugar. Siya ay Diyos; hindi Siya mapaglalalangan ng diablo. At Siya ay Diyos, at itinakda Niyang maganap ang bawat bagay, at ito ay akmang-akma sa Kaniyang Salita.

Kaya't kung makikita natin, sa pamamagitan ng Kaniyang Salita, kung anong kapanahunan at anong oras na ang kinabubuhayan natin, makikita mo ito dito sa Biblia, ang tungkol sa kapanahunang ito, kung anong dapat na maganap sa panahong ito.

21 Ngayon, ang—ang ibang mga aklat, nakakakita tayo ng mga aklat na kung tawagin nila ay mga sagradong aklat, at iba pa; at nabasa ko na ang Koran at marami pang iba. Ngunit, nakikita n'yo ba, ang ka—kanilang mga sagradong aklat ay mga alituntunin lamang ng mga etika, ng moralidad, o ng teolohiya. 51 Ngunit ang Aklat na ito ay isang Propeta; kakaiba ito sa alin pa mang ibang aklat. Ang Biblia ay ang Salita ng Diyos na nagsasaad ng hinaharap. Nagsasaysay Ito tungkol sa hinaharap sapagkat naibabala na ito nung una pa man.

Kung magsusugo ang Diyos ng anumang bagay, sinasabi Niya at ipinangako Niya sa Biblia na wala Siyang gagawing anuman sa ibabaw ng lupa malibang ihayag Niya muna sa Kaniyang mga lingkod na propeta. Sa Amos 3:7 'yan. Siya'y . . . At hindi maaaring magsinungaling ang Diyos. Inihahayag Niya Iyon; ganiyan ang naging gawi Niya sa mga panahong lumipas. Palaging ganito ang ginagawa Niya.

22 Ngayon, pinangakuan tayo sa huling mga araw na ito na ito'y maipanunumbalik. Walang simbahan, walang denominasyon, Methodist, Baptist, Presbyterian, Pentecostal, hindi nila kailanman sa kanilang modernong kundisyon magagawang dalhin ang simbahang ito sa pagiging isang Nobya. Hindi nila ito magagawa; mabibigo sila. Masyado silang nagsisigalutan, at napasok na sila ng kamunduhan, at ng iba pa, at nangamatay sila sa daang tinatahak nila. At nalalaman iyon ng Diyos.

At upang maihayag ang Salitang ito, ang sabi ng isa, "Buweno, mayro'n akong ganito. At purihin ang Diyos, ganiyan iyon." Ganiyan din nung unang dumating si Jesus; ang bawat isa ay may doktrina, ang bawat isa may ganito. Dapat ito'y isang bagay na isinugo sa atin ng Diyos. At ipinangako ito ng Diyos. At ang tanging paraan para magawa Niya ito ay ang sundin ang dati Niyang padron. Ipinangako Niyang magsusugo Siya sa atin sa huling mga araw, ayon sa Malakias 4, ng isang propeta sa ibabaw ng lupa na mgapapanumbalik ng mga puso ng mga tao sa mga Apostolicong mga magulang. Ipinangako Niya iyon sa Kaniyang Salita. Sa Lucas 17 at sa marami pang ibang dako ay ipinangako Niya iyon, kung anong gagawin Niya sa huling mga araw na ito upang dalhin ito sa pagiging isang bindikadong Salita.

23 Kita n'yo, ang isang tao ay maaaring magsabi ng anumang bagay, ngunit malibang ang Diyos ang magbigay ng interpretasyon sa Salitang iyon . . . Kita n'yo, ngayon, mayroon tayong sariling interpretasyon; sinasabi nating ganito ang ibig sabihin nito; ganito ang sabi ng Oneness, ang Twoness ay ganito

naman ang sinasabi. At, ay naku, hayan na nga. Ngunit hindi kailangan ng Diyos ng tagapagpaliwanag; ang Sarili Niya ang Kaniyang Tagapagpaliwanag; ipinapaliwanag Niya ang Kaniyang sariling Salita sa pamamagitan ng pagbibindika Nito sa itinakdang panahon, ang kapanahunang

pinagkalooban Niya Nito.

Hindi na tayo nabubuhay sa isang panahong Pentecostal; tayo'y nabubuhay sa iba nang panahon. Kita n'yo? Hindi na tayo nabubuhay sa panahon ng Methodista; tayo'y nabubuhay na sa ibang panahon. Dito na tayo nabubuhay sa itaas, sa panahon ng Nobya, ang pagtawag sa iglesia at ang pagsasama-sama Nito para sa pag-agaw. Iyan ang panahon na kinabubuhayan natin nagayon. Sa tunay kong kaisipan iyan ang tumpak na katutuhanan.

24 At ang Aklat na ito ay isang Aklat ng propesiya. Ang mga sumasampalataya Dito ay inutusang gumalang Dito, at basahin Ito, at sumampalataya sa May Akda Nito, sapagkat ang bawat Salitang nakasulat Dito ay dapat na matutupad. Ang lahat ng naipangako ay kinakailangang matupad, sapagkat si Jesus Iyon sa bawat kapanahunan. Tulad sa mga nagdaang panahon, si Jesus ang na kay Noe; si Jesus ang na kay Moises; si Jesus ang na kay David; si Jesus ang na kay Jose; si Jesus Cristo iyon, siya pa rin kahapon, ngayon, at magpakailan man. At si Jesus ito na nasa kalagitnaan ng Kaniyang bayan ngayon, na ginagawa ang mga bagay na ipinangako Niyang gawin sa kapanahunang ito. Si Jesus Cristo ito.

Ngunit naging napakaporman na ng iglesia, napalayo na ito nang husto, tulad ng sinabi ng kapatid natin dito. At ang mga simbahan natin ay nagiging gayon na rin, hanggang sa kailangan pang yumugyog sa atin pabalik sa Salita. Papaano natin nalalamang ganito nga mangyayari? Dapat ito ay dumating sang-ayon sa plano ng Diyos. Hindi ito maaaring dumating sa pamamagitan ng mga karaniwang tao sa iglesia; hindi ito maaaring dumating sa pamamagitan ng mga negosyante; hindi it maaaring dumating sa pamamagitan ng mga iglesia. Inilatag na ng Diyos ang Kaniyang plano.

25 Nangusap ako rito sa Shreveport nung isang araw sa national broadcast na dinig sa buong bansa, tungkol sa, “Paglilingkod sa Diyos Nang Labas Sa Kaniyang Kalooban.” Sinubukang ibalik ni David ang arka ng Diyos sa dating bahay nito. Siya ay pinahirang hari. Aba, kinunsulta niya ang kaniyang mga delegado, ang kaniyang mga kapitan ng libu-libo, at tigsasampung libo, at iba pa. At lahat sila ay nagsabing, “Iyan ang Salita ng Panginoon.” At kinunsulta niya ang saserdote, “Maganda iyan.” At lahat sila ay napasigla, sila ay nagsigawan, ginawa nila ang lahat ng gawang relihiyoso na maaari nilang gawin. At iyon ay salungat na salungat sa kalooban ng Diyos, sapagkat may isang propeta sa lupain na nagngangalang Nathan at ni hindi siya kinunsulta tungkol dito. Kita n'yo? At nakita nating hindi iyon umubra, bagamat sinsero sila sa pagnanasang maglingkod sa Diyos.

26 At maaari napakasinsero n'yo, ngunit malibang nalalaman natin kung anong ginagawa natin, ikaw ay nakikipaglaban lang sa hangin. Magbalik kayo sa Salita ng Diyos at humanay Dito, at saka kayo humayo; sa gayon ay alam n'yo na. Tulad ng isang sundalo, hindi niya alam kung anong dapat niyang gawin malibang makatanggap siya ng utos na gawin ito. Dapat tayong maging mga Cristianong sundalo at kumuha ng utos mula sa Biblia para sa kapanahunang ito; hindi ng utos ng nakaraang panahon, ng utos nung makalawa, ngunit ng utos ng araw na ito kung aling daan ba ang dapat nating tahakin. Alamin natin ang oras na kinabubuhayan natin.

At ang mga bagong kaganapang ito ay matuling dumaraan sa atin, at isang araw malalaman na lang nating naiwan na tayo na walang anumang taglay, nadakip na, naselyuhan sa tatak ng hayop bago pa natin mamalayan.

27 Ngayon, kailangan nating hintayin nang may pagtitiis ang mga propesiyang ipinangako, ang bawat isa sa mga iyon ay dapat matupad sa takdang panahon nito. Sapagkat Ito'y nagsasaysay sa atin, na ginawa na ito ng May Akda dati, at hinihintay nating gawin Niya itong muli. Anong panahon na ba ang kinabubuhayahan natin, tulad ng isang kalendaryo; tintitignan mo ang kalendaryo upang malaman kung anong araw na ng taon ang kinabubuhayan mo, at tinitignan mo ang Biblia ng Diyos upang malaman kung anong kapanahunan na ang kinabububhayan natin. Hindi na tayo nabubuhay sa panahon ng Methodista, sa panahon ng Baptist. Tayo'y nabubuhay na sa panahon ng Nobya, ang pagtawag, ng panunumbalik sa Diyos sa pamamagitan ng isang daluyuang ipinangako Niyang pagdadaanan Niya ng panunumbalik na ito. Ipinangako Niyang gawin ito.

Ngunit tulad nang nangyari sa bawat kapanahunan, hinahayaan ng mga taong ilagay ng tao ang kaniyang sariling interpretasyon Dito sa pamamagita ng teolohiya, at ayaw nilang paniniwalaan ang Makalangit na bindikasyon ng Diyos Dito. Iyan ang interpretasyon ng Diyos; hindi ang kung anong sinasabi ko, o kung anong sinasabi ng iba. Kundi kung anong ipinangako ng Diyos at kung anong ginagawa ng Diyos, ang nagpapatunay na ang Diyos ang gumagawa ng sarili Niyang interpretasyon sa Kaniyang Salita.

28 Sinabi nila sa inyong mga Pentecostal may apatnapu't lima, limampung taon na ang lumilipas . . . Ang mga ama't ina ninyo, nung sila ay mga tunay na Pentecostal pa na nagsilabas sa organisasyon at sinumpa ang bagay na iyon at nagsilabas. Pagkatapos tulad ng isang asong bumalik sa kaniyang isinuka, nagbalik silang muli dito, ginawa ang dating bagay na kumitil sa iglesia, iyon din ang pinangkikitil n'yo sa inyong sarili. Wala akong laban sa mga tao na nasa loob nito, wala akong laban diyan, ang kinakalaban ko ay ang mga sistema ng bagay na ito na siyang may kagagawan niyaon. 65 Sa tahanan, ako'y . . .

pauwi . . . Hindi ko ipinapangaral ito sa pagtitipon ng iba. Ipapangaral ko ang "Ang Landas Ng Serpente," at pakinggan n'yo ito kung kukuha kayo ng mga tape.

29 At pansinin n'yo, hindi nila nakita ang kumpirmasyon ng mga propesiya ng Salita ng Diyos na natutupad. Kung ang mga saserdoteng iyon . . . Binuo na nila sa kanilang kaisipan kung papaano ba talaga darating ang Mesias; alam na nila kung anong magaganap. Ang mga Fariseo ay may sariling ideya, gayon din ang mga Saduceo, ang mga Herodian, at, o, mayroon silang kaniyakaniyang ideya. Ngunit dumating Siya nang salungat sa bawat isa sa kanila, ngunit akmang-akma sa Salita. Gayon din ang sinabi ni Jesus dito: "Kung nakilala n'yo Ako, nakilala n'yo sana ang Aking kaarawan. Kung nakilala n'yo lang, inyong . . . Sinasabi n'yo, 'Buweno, si Moises . . . Mayroon kaming Moises,'" Ang sabi Niya, "Aba, kung naniwal kayo kay Moises, paniniwalaan n'yo Ako; sapagkat Siya ay sumulat tungkol sa Akin."

Ngunit, kita n'yo, nang kinukumpirma na ng Diyos kung ano talaga ang Kaniyang ipinangako, ay mayroon na silang mararangal na paran ng pagdating ni Jesus, at ang . . . ang nais kong sabihin ay ang Mesias. Ang Mesias ay kinakailangang dumating sa kanilang grupo at kung hindi'y hindi Siya ang Mesias. Buweno, ganiyan din halos ang nangyayari ngayon, "Kung hindi ka sisilip sa aking salamin ay hindi totoong tumitingin ka." Kita n'yo? Kaya nga ganiyan talaga ang nangyayari. Tayo'y . . . Iyan ang totoo. Ayaw nating magisip ng ganito, datapuwat iyan ang di mapamamaliang katotohanan.

30 Sa Hebreo 1:1, ang Diyos sa mga nakalipas na panahon, sumulat ng Biblia sa pamamagitan ng Kaniyang sariling piniling kaparaanan. Hindi Niya ito kailan man isinulat sa pamamagitan ng mga teologo. Kailan man ay hindi pa nangyari na—na ang mga teologo ang nagbigay ng interpretasyon sa Salita ng Diyos. Ang interpretasyon ang dumarating lamang sa pamamagitan ng isang propeta. Ang tanging paraan upang makalabas tayo sa kalat na ito ay ang magsugo ang Diyos sa atin ng propetang iyon, akmang-akma, ang tanging paraan upang ito'y maisagawa. Ito'y sinampalatayanan, inabangan, at—at ang katuparan. 69 Kita n'yo, hindi ito isinulat ng tao, kundi ito'y isinulat ng Diyos. Hindi ito Aklat ng isang tao, hindi ito Aklat ng isang teologo. Ito'y Aklat ng Diyos, isang Aklat ng hula na isinulat ng mga propeta at binigyan ng interpretasyon ng mga propeta. Ang Biblia ay nagsabi, "Ang Salita ng Diyos ay dumarating sa mga propeta." Tamang-tama nga.

31 Napakaganda ng pagsasalarawan nito, o, ng pagkakapamalas nito nang su Jesus ay paumarito sa lupa, at si Juan ang propeta ng araw na iyon, at siya'y nagpupropesiya. Ang sabi nila, "O, ang ibig mo bang sabihin ay wawasakin ng Diyos ang aming malalaking asosasyon na naririto, at lahat ng bagay na ito? At darating ang panahon na ang mga templo namin ay hindi na pananambahan?"

Ang sabi niya, "Darating ang panahon kung kailan ay gagawa ang Diyos ng isang hain, Cordero ng Diyos, isang tao. At sinabi niyang tiyak na tiyak siya sa kaniyang mensahe; aniya, "Siya ay nakatayo na ngayon sa inyong kalagitnaan hindi ninyo Siya nakikilala." Sila'y kasa-kasam ninyo at hindi ninyo namamalayan.

At isang araw nang si Jesus ay naglalakad, tumingala si Juan at nakita niya ang tanda sa ulunan Niya, sinabi niya, "Narito ang Cordero ng Diyos na nagaalis ng kasalanan ng sanlibutan." Sa sandali ring iyon ay nalaman ni Jesus na Siya ay nabindika sa harap ng madla. Ngayon, Siya ang Salita, pagaalinlanganan ba natin iayan? Ang Biblia ay nagsabi na Siya ang Salita, "Sa pasimula ay ang Salita at ang Salita ay sumasa Diyos, at ang Salita ay Diyos. At ang Salita'y nagkatawang-tao at nanahang kasama natin." At narito Siya, ang . . . narito ang Salita sa lupa (Tignan n'yo, akmang-akma.) lumitaw Siya at lumusong sa tubig patungo sa propeta.

32 Tama. Ang Salita ay laging dumarating sa Kaniyang propeta. Kaya't hindi natin maaasahang Ito'y dumating sa mga denominasyon. Kinakailangan Itong dumating sa daluyan ng Diyos ngayon na noon pa'y sinabi na Niya sa atin, at kailan man ay iyon lamang ang tanging paraan upang ito'y dumating. Ito'y kamumuhian, hahamakin, tatanggihan. Kapag ito'y dumating, Ito'y maitatapon sa isang tabi, at lahat na, ngunit gagawin pa rin ito ng Diyos. Tinanggihan ito kay Jesus Cristo; tinanggihan ito kay Juan; tinanggihan ito kay Jeremias; tinanggihan it okay Moises. Palaging gano'n ang nangyayari. Datapuwat ang Diyos ay nagpapatualoy sa paraang Kaniyang ipinangako na Ito'y Kanyang gagawin. Opo, hindi Niya ito kailan man nabigong gawin sa gayon ding paraan.

33 Ang taong nakakita ng pangitain o nakarinig ng Kaniyang tinig, ay hindi kailan man lubusang nakaunawa Nito. Sa maraming pagkakataon ay hindi niya alam, dahil siya'y kasangkapan lamang ng Diyos. Ito'y kaisipan ng Diyos na naipahayag sa pamamagitan ng mga labi ng tao, anopa't ang isang kaisipan ay isang salitang naipahayag. Ang Diyos ang gumagawa ng Sarili Niyang pagpili sa pamamagitan ng Kaniyang predestinadong pamimili. Ginawa Niya ito sa bawat panahon, itinalaga Niya ang tao sa bawat panahon. Tulad noong si Moises, nang tutuparin na Niya ang sinalita Niya kay Abraham. Si Moises ay isinilang na isang mabuting bata, hindi niya maiwasang magkagayon. Gayon siya isinilang dahil siya ay isinilang sa layuning iyon.

Kaya't nakita natin na gayon ang ginagawa ng Diyos sa bawat panahon. Ang Diyos ang gumagawa ng sarili Niyang pagpili sa pamamagitan ng Kaniyang sariling predestinadong pagpili. Pinipili Niya ang

Kaniyang mga propeta at ang mga bagay para sa panahon. Isinasaayos Niya ang Kaniyang kalikasan, ang kalikasan ng tao, ang kaniyang istilo ng pangangaral, upang parangalan ang kaniyang kaloob, at lahat ng kaniyang ginagawa ay para harapin ang hamon ng araw na iyon. Nililikha ng Diyos ang taong iyon at isinusugo. At sa Kaniyang sariling diwa, tulad ng ipinangaral ko kagabi, tayo ay mikrobyo ng binhi ng Diyos. Alam Niya na ang taong iyon ay mapaparoon sa panahong iyon, bagao pa magkaroon ng molekyul, o ng isang ilaw, o anupamang bagay sa lupa.

34 Dahil ikaw ay binhi ng iyong ama, at ikaw ay nasa ama mo na, bagama't wala pang pakikisama ang iyong ama sa iyo sapagkay siya . . . Ikaw ay naroroon, subalit hindi mo ito alam at hindi niya ito alam, datapuwat ikaw ay nahayag upang magawa mong . . . upang magawa niyang makisama sa iyo. At ikaw dahil sa iyong pagkasilang na muli, ikaw ay isinilang ng Buhay na Walang Hanggan. At iyan ang tanging anyo ng Buhay na Walang Hanggan, at iya'y ang Buhay ng Diyos, ang “Zoe”, ang salitang Griegong “Zoe” ang tanging anyo ng Buhay na Walang Hanggan.

Kung magkagayon kung ikaw ay isang anak na lalaki ng Diyos o anak na babae ng Diyos naroon ka na sa Diyos sa lahat ng panahon. Datapuwat alam Niya kund aling punlaan at panahon ka maitatanim. Kaya ngayon ay ginawa kang isang nilalang, isang anak ng Diyos, naipahayag na anak na lalaki o anak na babae ng Diyos upang harapin ang hamon ng oras ito upang mabindika ang tunay at buhay na Diyos ng oras na ito, ang Mensaheng lumalabas sa oras na ito. Tama. Tapos na iyon bago pa itatag ang sanlibutan. Kung hindi'y . . . Kung hindi ka pinili nang ganoon, kahit gaano mo pa pagsikapang gayahin ito, ay hindi ka makakasama. Papaano kang makakukuha ng dugo sa isang singkamas samantalang wala naman itong dugo?

35 Iyan ang dahilan kung bakit sinisikap kong magsalita tungkol sa . . . Pagkatapos ang mga tao, iniisip nilang tayo'y . . . pinagsasabihan natin ang mga babae tungkol sa maikling buhok, at ang mga tao na nagsasalita sa akin tungkol sa pagsasabi ng mga bagay na iyon, “Sisirain mo ang lingkuran mo.” sisiranin ang lingkurang ang Diyos mismo ang nagtalaga? Malayong mangyari iyan! At kapag narinig ng mga tao ang Salita ng Diyos . . . Kapag ang isang sanggol ay nabuo sa sinapupunan ng isang ina, kapag ang isang selulang iyon ay pumaroon ay may isa pang selula na tutubo sa ibabaw niyaon. Hindi ito isang selula ng tao, at ang kasunod ay sa aso, at ang susunod ay sa pusa, at ang susunod ay sa iba naman; ito ay lubos, tuwirang tao. At kapag ang isang tao ay isinilang ng Espiritu ng Diyos, hindi siya nagsisingit ng anuman sa kaniyang buhay. Ito'y ang walang halong Salita ng Diyos na binindika para sa oras na iyon. Ang kinukuha niya ay ang kabuang Salita ng Diyos, walang siyang inilagay na anumang kredo, at anupamang bagay dito. Ito'y dalisay at walang halo, ang Salita ng Diyos ay naipapahayag sa ating kalagitnaan.

36 Tignan ninyo sa Biblia kung magkagayo'y makikita n'yo kung saan, kung anong panahon ang kinabubuhayan natin, kapag nakita n'yo ang mga dakilang bagay na ito na kasalukuyang naipapahayag. Kapag ipingako ng Diyos na ito'y gagawin Niya, lagi Niya itong ginagawa sa hulihan ng bawat panahon kung saan ang iglesia ay humantong na sa dakong pagliko, at lumiko palayo sa Salita pabalik sa kasalanan at pagiging makasanlibutan. Ang pagiging makasanlibutan ay kasalanan. Ang sabi ng Biblia, “Kung iniibig n'yo ang sanlibutan, o ang mga bagay ng sanlibutan ang pag-ibig ng Diyos ay wala sa inyo.”

Nangusap ako kagabi, nangusap ako tungkol sa haing inialay, ang Cordero. Kinakaialangang ito'y pitong araw, kumakatawan sa pitong kapanahunan ng iglesia. Wala dapat masusumpungang lebadura sa kalagitnaan ng mga tao, walang lebadura sa loob ng pitong araw. Ibig sabihin nito ay dapat walang maihalo rito, Ito'y walang lebadura, sa tuwina. At ayaw natin anumang kredo, mga lebadura, at mga bagay-bagay na maihalo sa atin. At ayaw nating ang sanlibutan ay maihalo sa atin. Kinakailangang Ito ay maging walang lebadurang Tinapay, ng Diyos, ang Salita ng Diyos, ang di-nahaluang Salita ng Diyos, na, “Ang tao'y mabubuhay sa bawat Salitang lumalabas sa bibig ng Diyos.”

37 Ang mag sistema nating makadenominasyon, at mga pagkakaiba at mga bagay-bagay, at naglagay ng lebadura sa atin, at ito at iyon at ang ayos ng sanlibutan. At, ito'y humantong na sa halos ay parang Hollywood na kahit saan. Mangyayari na magiging katulad na ito ng Inglatera, at ang panawagan sa altar ay magiging kahiya-hiya. Naku! Tulad ng sinabi ng isang kapatid, “Paano mo bang mailalagay ang isda sa bangka?” Tama.

Kailangang maipangaral ang Ebanghelyo sa kabuuan Nito, na kalakip ang kapangyarihan ng Diyos upang ibindika Ito ayon sa pangako para sa panahong iyon at patunayan na iyon ang akmang kalooban ng Diyos. Sa labas Nito ikaw ay isa lamang miyembro ng iglesia, kahit gaano ka pang magsikap, magsikap na makapaglingkod sa Diyos. Marahil ay dumalo ka sa isang pangkat ng

mananahi, marahil ay napakatapat mo sa iglesia; datapuwat malibang ang mikrobyo ng Walang Hanggang Buhay ay itinalaga sa iyo, upang maging anak na lalaki o babae ng Diyos, lalaki kang isang bagay na wasak ang anyo; datapuwat hindi kailan man magiging totoo at tunay na anak na lalaki at anak na babae ng Diyos.

38 Madalas kong isaysay ang aking munting kuwento tungkol sa isang munting agila. Kung paanong ang

magsasaka ay nagpalimlim sa inahin, isang araw, at siya ay may . . . Nawa'y hindi n'yo ituring na ito'y isang kalapastanganan. Datapuwat isang magsasaka ang nagpalimlim sa kaniyang inahin, siya ay . . . kulang ng isang itlog. Hindi ako tiyak kung mayroon ditong nakakaalam kung ilang itlog and dapat mapabilang sa isang limliman. Datapuwat, kulang siya ng isang itlog, hindi sapat ang dami. Kaya't ninakawan niya ang pugad ng agila, dalawa ang itlog niya. At kaniyang pinalimliman ang itlog sa inahin. 84 Nang mapisa ang agila kasama ang mga sisiw, nakakatawa ang hitsura ng ibon. Hindi niya maunawaan ang pagputak ng inahin, hindi katulad ng nais niyang marinig ang pagsasalita nito. At siya ay nangalaykay sa bakuran at kumain sa bakuran, datapuwat hindi iyon pagkain para sa kaniya. Siya'y mistulang itik na pangit sa kanilang kalagitnaan. Puputak ang inahin at hindi niya ito maunawaan. Papunta siya rito at kakainin ito kakainin iyon, hindi niya ito maunawaan. Kaya't isang araw ang kaniyang "Mammy", o inay pala, sa inyo. Ako . . . Sa Timog ang sinasabi naming ay "Mammy."

Kaya't siya . . . Ang kaniyang—ang kaniyang—alam ng kaniyang ina na dalawa ang iniluwal niyang itlog, at iisa lang naroroon, hinanap niya ang isa pa. Nilibot Niya ang bawat . . . Tinawid niya ang buong lalawigan at sa wakes ay napadako siya sa itaas ng kamaligan. Nakita niya ang anak niya na sumusunod sa inahing manok. Sumigaw siya, "Junior! Hindi ka manok, ikaw ay isang agila." Tugma sa pandinig niya ang tinig na iyon. Bakit? Siya'y isang agila sa pasimula pa lamang.

39 At kung ang isang lalaki at babae ay naupo sa silong ng mga kredo at, malamig at pormal na relihiyon, kung siya ay naitalagang maging anak ng Diyos, at nakit niya ang Salita ng Diyos na naipapangaral sa kapangyarihan Nito, at pagkatapos ay binibindika ito ng Diyos; siya ay isang agila sa sumula pa lamang, tiyak na susunod siya kaagad doon singtiyak ng ang dalawang dalawa ay apat. Hindi niya ito maiiwasan, dahil ang kalikasan niya ay umiibig sa Salita ng Diyos. Hindi mahalaga sa akin kung ano ang sabihin ninuman, kapag nakita niya ang Salita ng Diyos na naipapamalas, kaagad niya itong liliparin dahil siya ay isang munting agila.

Tulad ng isinasalaysay nila, ang sabi niya, "Inay, papaano akong makapupunta riyan sa itaas mula rito?" 88 At sinabi niya, "Basta lumundag ka lang, sasapuhin kita."

At iyon lang ang kailangan mong gawin,, isang lundag lang ng iyong mga paa, isang lundag lang patungo sa Diyos, isang pangako, "Panginoong Jesus, sumasampalataya ako sa Iyo nang taos sa aking puso. Sumasampalataya ako sa Mensahe sa kapanahunan. Nakikita ko itong napapatunayan, at alam kong ito'y tama." "Lumudag ka, sasapuhin ka ni Inay. Huwag kang mag-alala, ikaw ay isang agila, siya'y paroroon upang kunin ka."

40 Ngayon, napapag-unawa natin na tayo'y nabubuhay s isang kamanghamangha at dakilang araw, datapuwat isa sa mga katotohanan ng Bibliang ito. Nakita ng mga mananampalataya na Ito'y nabindika, ang pinakabindikasyon Nito, ang katibayan na ang Diyos ay nasa bagay na ito. walang alinlangan! Kung magkagayon ay ang ipinangakong Salita na . . . ang pangako ng Diyos ay naipapabatid. Ang binhi ay sumibol at nakita nila Ito, at pinaniwalaan. Hindi lang makita Ito ng iba, kahit pa nga papaano nila upuan Ito at titigan.

Alam n'yo, sapat ang tindi ng pangangaral ko upang—upang . . . sa buong bansang ito, na dapat sana'y wala nang makitang babae ritong maikli ang buhok. Subalit, sa tuwing ako'y babalik, mas marami sila. Ano ang nangyayari? May maling nangyayari! Alam n'yong sinasabi iyan ng Salita! Sasabihin mo, "Puwes, wala namang kaibahan 'yan eh." May kaibahan 'yan!

41 May isang butihing kapatid na nagsabi, "Ipapatong ko ang kamay ko sa'yo, Brother Branham. Mahal kita. Sinisira mo ang iyong lingkuran." Sabi niya, hindi mo dapat pinanghihimasukan ang mga babae tungkok diyan." Sabi niya, "Hayaan mo na lang ang mga pastor na gumawa niyan."

Sabi ko, "Hindi naman nila ito ginagawa eh." Sabi ko, "Ngayon . . ."

Ang sabi niya, "Mangyari'y hindi mo trabaho iyan, manalangin ka na lang sa maysakit."

Ang sabi ko, "Kaninong trabaho 'yan, kung gayon? Ako'y tinawag upang mangaral ng Ebanghelyo."

Sabi niya, "Papatunangan kita ng kamay at hihilingi ko sa Diyos Niya iyan sa'yo, kung gayon."

Sabi ko, "Kung hahayaan mong—mong patungan din kita ng kamay." Kita n'yo? At sinabi ko, "Idadalangin kong buksan nang Diyos ang iyong mga mata at nang magawa mong makita ito." Kaya tama iyon.

Ang sabi niya, "Dapat ay ipangaral mo . . . Ang mga tao ay naniniwalang ikaw ay isang lingkod, isang propeta ng Diyos." Ang sabi niya, "Dapat turuan mo ang mga kakababaihan kung papaano silang makatatanggap ng mga dakilang kaloob at makapanghula at iba pang mga bagay."

Ang sabi ko, "Papaano ko silang tuturruan ng algebra samantalang ni hindi mapaniwalaan ang kanilang Abakada?" Tama! Kaya't ikaw—hindi mo ito magawa. Iyan ay nasa bawat . . . Iya'y tama. Kung

hindi mo magawa ang mga natural na bagay, papaano mong magagawa ang mga espirituwal na bagay? Ang mga bagay na natural. Tiyak! Kapatid na lalaki, kapatid na babae, maaaring maging parang biro ito, datapuwat ito ang Katotohanan ng Ebanghelyo. Tama!

42 Pansinin, makikita natin ang mga tao ngayon . . . Napakaraming mga tao ang hindi makapaniwala dito, maging mga taong puspus ng Espiritu. Bibigyan ko kayo ng isang makabibilaok sa inyo. Ang bautismo ng Espiritu Santo ay hindi nangangahulagan na kayo'y makapapasok, hinding-hindi, hindi riyan nakabatay, walang kinalaman iyan sa inyong kaluluwa. Iyan ay ang bautismo, nakikita n'yo ba? Narito ang nasa loob na kaluluwa, dito sa loob, iyon ay dapat na magmula sa Diyos. Datapuwat sa labas ay mayroon kayong limang pandama, at limang pasukan . . . Pasukan sa inyong . . . Upang makontak n'yo ang inyong makalupang tahanan. Sa loob ay mayroon kayong espritu, at dito ay mayroon kayong limang lagusan. Ang inyong konsesiya, at pagmamahal, limang lagusan sa espiritung iyon. Alalahanin ninyo, sa espiritung iyan ay maaari kayong mabautismuhan ng tunay na Espiritu ng Diyos at manatili pa ring ligaw. Ang kaluluwa ang nabubuhay, iyon ay itinalaga ng Diyos.

Hindi ba sinabi ni Jesus, "Marami ang magsisilapit sa Akin sa araw na iyon, at magsasabi, 'Panginoon, hindi ba kami nagpalayas ng mga demonyo, gumawa ng dakila at makapangyarihang mga gawa, nanghula, at mga dakilang kaloog ng Diyos?" Ang sabi Niya, "Magsilayo kayo sa Akin, kayong mga mangagawa ng katampalasanan, hindi Ko kayo nakilala kailan man. Marami ang magsisilapit sa araw na iyon."

43 Hinda ba't si Caifas ay nakapanghula rin? Siya ay isang demonyo. Natagpuan natin doon . . . at ang mga saserdoteng iyon, ang mga dakilang taong iyon, ang dapat sana'y mga dakilang tagapamuno sa mga araw na iyon, na may taglay na pagpapakumbaba at lahat na, datapuwat nabigo nilang Makita ang mismong Salita ng Diyos na naipahayag sa kanilang harapan.

Maaarin nating kunin ang ilan sa kanila na isinulat ko rito. Paano ang tungkol kay Balaam? Siya ay isang . . . Sasabihin mo, "Binababago ng Diyos ang Kaniyang isip." Hindi Niya binababago ang Kaniyang isip!

Nang si Balaam ay lumabas bilang isang propeta ay siya'y bumaba roon, isang Obispo, isang mangangaral, o anuman ang nais ninyong tawag sa kaniya, siya'y isang dakilang lalaki. Datapuwat nang konsultahin niya ang Diyos tungkol sa pagbaba niya roon upang sumpain ang Israel; hindi niya sila gusto sa simula pa lang, kaya't nagpaalam siya sa Diyios na tumungo roon. Ang sabi ng Diyos, "Huwag kang tutungo!"

At sila'y nagsugo ng mga dignitaryo ng mga . . . marahil ay mga obispo o mga presbiter, o kung anuman, nagsidating sila, ang sabi . . . mas mataas ang pinag-aralan nila, upang mahikayat nila siya. Siya'y bumalik at tinanong ang Diyos. Hindi mo na kailangang tanungin ang Diyos sa ikalawang pagkakataon! Kapag sinabi ng Diyos minsan, iyon na iyon! Hindi ninyo kailangan pang maghintay ng anumang bagay.

Hindi naghintay si Rebekang marinig ang ikalawang utos. Tinanong nila siya, ang sabi, ""Sasama ka ba?"

"Hayaan nating siya ang magsabi."

Ang sabi niya, "Sasama ako1" Siya'y mahigpit na kinasihan ng Diyos. Siya ay naging isa sa mga reyna ng Biblia dahil sa pagkilos niya bilang pagtugon sa pintig ng Espiritu ng Diyos na kumikilos sa kaniya upang matanggap kung ano ang di mapag-alinlanganang katotohanan, at sinampalatayanan niya ito.

44 Ngayo'y makikita natin na si Balaam, siyempre pa, ay hindi makakita. Lumabas siya at tinignan ang mga tao, at nagsabi, "Ngayon, sandali lang! kami'y isang dakila't malaking bayan na narito sa itaas, kayo nama'y isang liping nagpangalat." Nakita n'yo? "At tayong lahat—tayong lath ay nananampalataya sa iisang Diyos." 110 Totoo iyon. Lahat sila'y sumasampalataya iisang Diyos, at l ahat sila'y sumasamba kay Jehova. Tignan n'yo ang hain ni Balaam, pitong altar, sakdal sa bilang ng Diyos; ang pitong iglesia, kita; pitong tupang lalaki, na nangungusap tungkol sa pagdating ng Panginoon. Kung pagiging pundamental ang pag-uusapan, siya ay kasing pundamental ni Moises; ngunit makikita n'yo na wala siyang maka-Diyos bindikasyon. Naroon, kapuwa sila mga propeta.

Datapuwat sa ilalim ng ministeryo ni Moises ay mayroong isang supernatural na Haliging Apoy, isang Liwanag na nakabitin sa kampamento. May pagpapagaling ang Diyos, may isang sigaw ng Hari sa kampamento, mga dakilang tanda, pagpapagaling ng Diyos, at mga kababalaghan, at mga bagay na naipamalas sa kanilang kalagitnaan. Ito'y tanda ng isang buhay na Diyos na nasa kalagitnaan ng Kaniyang bayan.

Kung sa pagiging pundamental, sila ay kapuwa tama. At sinisikap ni Balaam na himukin ang mga tao, at ginayuma niya sila tung sa bagay na iyon. Kialan? Bago nila marating Luapang Pangako. Isa o dalawang araw na lang ay makararating na sila sa Lupang Pangako.

45 Ngunit ngayon ay nangangamba ako . . . Ito'y isang pangungusap na mahirap bigkasin, isa sa mga ara na ito ay baka barilin ako dahil dito. Datapuwat tandaan ninyo ito, na ang mga Iglesia ay ginagayuma ng Konsehong Ekumenikong ito, dinadala kayo nito rito, upang masabi niya, “Kayo'y iisang grupo.” Hindi kayo iisang grupo! Lumabas kayo sa bagay na iyan at humiwalay! Tiyak ito. ito'y totoo. Dapat tayong lumayo sa bagay na iyan at humiwalay! Tiyak ito. Ito'y totoo. Dapat tayong lumayo sa bagay na iyon, hangga't magagawa ninyong magpakalayu-layo roon.

Sinabi ni Balaam, “Tayo'y . . . hayaan nating magsipag-asawahan ang ating mga anak dahil, tutal naman, iisang Diyos lang ang sinsampalayaan natin.”

Papaanong makakalakad nang magkasama ang dalawa malibang sila'y magkasundo?“ Papaano kang lalakad na kasama ng Diyos malibang sangayunan mo ang Kaniyang Salita? Papaano mong idaragdag ang mga kredo at iba pa, samantalang kayo'y itinalaga upang huwag gawin ito, o, inutusang huwag gawin ang bagay na ito? Hindi mo maaaring gawin ito. Walang paraan upang magawa mo ito, kapatid na lalaki, kapatid na babae. Hindi mo maaaring ihalo ang lebadurang iyon sa walang lebadura. Ang langis at tubig ay hindi maghahalo. Ang kadiliman at ang liwanag ay hindi maghahalo. Ang liwanag ay lalong higit na makapangyarihan, itinataboy nito ang kadiliman.

46 Kaya't hindi natin ito mapaghahalo. Hindi n'yo rin maihahalo ang kasalanan ng sanlibutan. Hindi ninyo mapaghahalo ang Iglesia at ang kredo. Hindi ninyo maaaring paghaluin ang sanlibutan at ang Ebanghelyo. Hindi ito maghahalo! “Lumabas kayo sa kanila, humiwalay kayo,” ang sabi ng Diyos, “Tatanggapin Ko kayo sa Aking Sarili. Kayo'y magiging mga anak Ko, at Ako'y magiging Diyos n'yo.” Hindi natin kailan man magagawa ito hanggang sa ang mga bagay na ito ay mahayag, at ang Salita ng Diyos para sa oras na ito ay mapatunayang Katotohanan. Sumunod sa mga yapak.

47 Pentecostes, 'yan ang dahilan kung bakit naiwala ni Luther ang kaniyang mensahe. Ganiyan naiwala ni Wesley ang kaniyang mensahe. Kita n'yo, kung ang iglesiang Wesleyan ay nagpatuloy lamang, disin sana'y naging Penecostal sila. Kung nagpatuloy lang ang mga Lutheran, sana'y naging mga Methodista sila. Kita n'yo? At ngayon, kung ang mga Pentecostal ay magpapatuloy, sila'y magiging Nobya. Kung kayo ay bibitin sa likuran at magpapatuloy sa pagbabalik sa sanlibutan tulad ng inyong ginagawa ngayon, kayo'y maliligaw! Magiging ipa at tangkay lamang kayo, ito'y susunugin. Alam n'yo iyan. Titipunin Niya ang Kaniyang trigo sa kamalig. Datapuwat ang mga balat ay Kaniyang susunugin sa apoy na hindi mamamatay, bagama't ito'y naging isang tagapagdala. Totoong nagdala ito datapuwat iniwan ito ng Buhay nung sandaling maging dahon ito; ito'y sumulong palabas upang gumawa ng iba pang bagay hanggang sa umabot ito sa kaniyang kabuuang anyo.

At ang Iglesia ay dadaan din sa Pagaaring-ganap, Paglilinis, Bautismo ng Espiritu Santo (Pagsasauli ng mga Kaloob), patungo sa nabuong larawan ni Cristo. Si Cristo ang Nobyo, ang Iglesia ang Nobya, at ang Nobya ay bahagi ng Nobyo. Kakailanganing maging isang Salitang Iglesia ito, hindi isang denominasyonal na iglesia. Ito'y magiging ang Salitang Iglesia, ang Salita na naipabatid at sa pamamagitan ng bindikadong Salita ng Diyos.

48 Si Balaam, hindi niya makita ang kaibahan. Marami, ang hindi makakita.

Hindi Ito makita ni Faraon, bagam't Ito'y nabindika sa harap niya.

Hindi Ito makita ni Dathan. Si Dathan ay lumabas doon at nakita niya si Moises at nalaman niya. Siya ay lumabas at nagsabi, “Ipinapalagay mong nagiisa kang banal sa buong lupon. Ang buong kongregasyon ay banal!” Kailan man ay hindi nakitungo ang Diyos nang gayon. Dapat sana'y natuto na siya. At sinabi niya, “Puwes, ang buong kongregasyon ay banal. Ginagawa mo ang sarili mong . . . ” Kung ngayon natin ito sasabihin, sa salitang kalye, “ang nagiisang bato sa dalampasigan.”

At alam ni Moises na isinugo siya ng Diyos doon para sa bagay na iyon. Ang sabi lang niya, “Panginoon . . . , ” Nagpatirapa sa pintuan ng tabernakulo.

At sinabi ng Diyos, “Ihiwalay mo ang iyong sarili sa kanila,” at nilulon Niya sila.

49 At tandaan, ang kasalang ginawa ng Israel (sa pamamagitan ni Balaam na nagsabi, “Lahat sila'y magkakatulad.”), ang kasalanang iyon ay hindi kailan man pinatawad sa Israel. At masdan, hayaan ninyong bigyan ko kayo ng nakagugulat na bilang; sa dalawang milyong lumabas sa Egipto, dalawa sa kanila ang nakapasok sa Lupang Pangako. Bawat isa sa kanila'y kumain ng iisang bagay, lahat sila'y sumayaw sa Espiritu, lahat sila'y nagtaglay ng mga bagay na magkakatulad; datapuwat nang dumating sa oras ng paghihiwalay, ang Salita ang gumawa ng paghihiwalay. Gayon din ngayon! Ang Salita ang nagpapahiwalay! Nang dmating na ang panahon ay sinabi niya, “Bakit dito, tayo'y . . .”

Napakalapit, tingnan, ang sabi ng Biblia, “Sa huling mga araw, ang dalawang Espiritung ito,” Mateo 24:24, “ay magiging magkahawig na magkahawig, dadayain nito ang pinakahirang kung maaari lang.” Ang ipa ay

hawig na hawig sa trigo, ngunit hindi ito trigo. Kati n'yo? Hindi iyon ang trigo, ngunit kahawig na kahawig niyaon. Kita n'yo? Napakalapit ng anyo nito na halos ay madaya ang pinakahirang. Nag-denomina kayo at nahulog sa denominasyong iyan, at kayo'y natutuyo at namamatay, samantalang ang trigo ay nagpatuloy na dumaan sa . . . Kita n'yo? Iyan ay tamang-tama! Isa itong tagapagdala, ngunit hindi ito ang trigo.

Alalahanin na ang trigo ay magpapatuloy sa pagsulong. Sa muling pagkabuhay ang lahat ng lakas ng trigo ay papanik sa trigo, habang ito'y sumusulong upang bumuo ng ulo, upang lumabas sa dakilang pagkabuhay na mag-uli. Hindi kailan man napatawad . . .

50 Tumigil muna tayo rito sumandali. Nawa'y hindi ko kayo nasasakal. Ngunit tignan ninyo, may itatanong ako sa inyo. Kunin lang natin 'yon. Sabihin natin bilang halimbawa, na ang bilang na ito ay tama. Kapag ang binhi ng lalaki, kapag ang lalaki at babae ay nagtagpo, kung may alam kayo tungkol sa test tubes o sa—o sa pagha-hybrid at iba pa ng mga baka, malalaman n'yo na ang lumalabas sa lalaki ay naglalaman ng mga isang milyong similya. At ang lumalabas naman sa babae ay naglalaman naman ng may isang milyong mga itlog. Subalit alam ba ninyo na iisa lamang dito ang malusog? Ang mga mumunting bakang iyon, o numan ang nasa milygung-milyong similyang ito, isang miyong semilya, isa sa mga semilyang ito ay makikipag-anahan sa iba pang mga semilya at uungusan ang mga ito at masusumpungan niya ang malusog na itlog na iyon at gagapang siyang papasok dito, samantalang hindi ang iba pa, bagama't magkakatulad sila. Iisa sa isang milyon!

Ano kaya kung magkagayon ngayong gabi? May limandaang milyon, sa wari ko, ang tinatayang mga Cristano sa daigdig, mga ganiyan ang bilang, humigit-kumulang. Kung gayon kung ang Pag-agaw ay darating ngayong gabi, sa mga nabubuhay na mapapasama, ay lilimang daang katao lang. Puwes, ganiyan karami, halos ang nawawala anumang araw, na hindi nila malaman kung saan napupunta. Ang Nobya ay kukunin at mag-iisip tayo kung ano'ng nangyari; at ang mga tao ay magpapatuloy sa pangangaral, magsasabing sila'y “nakatanggap ng ganito o ng ganoon, at iba pa,” at tignan n'yo kung gaano kalaking pandaraya magmimistula ang mga bagay na iyon. Ipalagay nating magkakaganoon na nga; hindi ko sinsabing ganoon nga, hindi ko alam, wala akong kapamahalaan tungkol diyan. Ang Diyos ang hukom niyan. Datapuwat tignan ninyo kung gaano kadali itong maaaring mangyari batay sa mga bagaybagay, kung paano itong mapapatunayan.

51 Bakit hindi Iyon nakita ni Kore? Bakit hindi nakit ni Dathan ang bagay na iyon?

Bakit hindi Iyon nakita ni Achab . . . Nang si Josaphat ay nagtungo kay Achab, ang sabi niya, “Achab, may problema tayo. Alam mo bang ibinigay ng Diyos sa atin ang lupaing ito, at pinaghati-hati ito ni Josue? Alam mo, itong kapirasong lupang kinmkam ng mga Siriano, hindi ba't lupain pa natin ito? ”Oo!“

“Ang mga anak natin ay nagugutom, at ang mga Siriano (ang ating mga kaaway) ay napapakain nila ang kanilang mga anak, binubundat ang kanilang mga tiyan ng trigo na dapat sana'y pag-aari natin.” Iyon ay tugma sa Kasulatan. Ang sabi niya, “Tutulungan mo ba akong pumunta roon upang iyon ay kubkubin?”

Ngayon, minsan, ang isang mabuting tao ay napapahinuhod sa ilalim ng impluwensiya ng kasamaan. Makabubuting magbanatay kayo, iglesia, magbantay kayong mabuti.

52 Ngayon, ang nangyari, si Josaphat, na isang dakilang relihiyosong tao, siya'y nagsabi, hindi sila iisang lipi. Hindi! Ang sabi niya, “Puwes, ang iglesia namin ay iglesia ninyo, ang bayan namin ay bayan ninyo. Tiyak ito, kami'y paroroon,” ang sabi niya, “datapuwat kunsultahim muna natin ang Panginoon.”

Kaya ang sabi niya, o ni Achab, “Walang alinlangan, dapat ay naisip natin iyon. Puwes, tayo'y . . .

“Mayroon bang propeta ang Panginoon?”

Ang sabi niya, “Mayroon akong isang seminaryong puno ng mga ito. Mayroon akong apat na raan dito, mga pinakamahuhusay. Lahat sila ay may titulong Ph.D., L.L.D., and kanilang doble L.D., at lahat ng iba pa. Lahat sila'y . . .” Ngayon, alalahanin, mga Hebreong propeta ang mga ito mula sa paaralan ng mga propeta.

Ang sabi Niya, “Papanikin n'yo sila rito, pakinggan natin sila.”

53 Ngayon, sa aking paniwala si Sedechias, (ang dakilang pinuno ng mga Obispo, lahat sila) ay nagsipanik, taglay ang inspirasyon. Inspirado siya, walang duda. Pumanik siya roon, at gumawa siya ng dalawang malalaking tambuli. Ang sabi niya, “Alam n'yo, ITO ANG SABI NG PANGINOON, 'Dadalhin n'yo ang mga tambuling ito at itutulak n'yo ang mga Siriano palabas ng bansa.'”

Buweno, lahat ng iba pa sa kanila ay nagsipanghula, “Tama nga iyon!” Bawat isa sa kanila, ang buong seminaryo, ay nagkasundo. Nakita n'yo. 140 Ang sabi ni Achab, “Nakita mo na?”

Si Josaphat, dahil siya'y may pagka-ispirituwal, alam n'yo, hindi siya lubusang natuyuan; ang sabi niya, “Ngunit wala na bang iba pa na maaari nating kunsultahin?” 142 “Bakit gusto mo pang kumunsulta

sa iba, samantalang ang buong Ekumenikal (ang buong konseho), ay nagsasabi, 'Tama iyon'?" (Pagpaumanhinan n'yo ako. Kita n'yo?) "Iyan nga ang dapat nating gawin." Kita n'yo? "Iyan ang dapat nating gawin." 143 Ang sabi niya, "Ngunit wala na bang isa pa na maaari nating tanungin?" 'Yung isang kaiba sa lahat, alam mo na. 144 Ang sabi niya, "Oo, mayroon. Mayroong isa, si Micheas, ang anak ni Imla, subalit namumuhi ako sa kaniya." Laging ganoon. "Namumuhi ako sa kaniya dahil lagi na lang niyang pinagagalitan ang mga tao, at sinusumpa niya ako, at sinasabi niya sa akin ang lahat ng kasamaan ko. Namumuhi ako sa lalaking iyon!"

Ang sabi niya, "Ah, huwag namang sabihin ng hari ang ganiyan." Sabi niya, "Ipasundo siya."

54 Kaya't nagtungo siya roon sa anak ni Imla, ang ilan sa mga—obispo, o, ilan sa mga matatanda, at nagtungo sila roon at nagsabi, "Ngayon, makinig ka, nais mo bang muling bumalik sa organisasyon? Sabihin mo lang ang katulad ng sinabi nila ibabalik ka nila."

Datapuwat nagkataon na may tao ang Diyos doon na di nila mahawakan; ang kamay ng Diyos ay nakahawak sa kaniya. Siya'y tagapagpakita lamang ng katotohanan ng Diyos. Ang sabi niya, "Aba'y oo," ang sabi, "bababa ako ngunit ang sasalitain ko ay kung ano lamang ang ilalagay ng Diyos sa aking bibig." Iyan ang tao ng Diyos. Ang sabi niya, "Ibigay mo sa akin ang gabing ito." Kaya't sumapit ang gabi, at ang Panginoon ay nangusap sa propeta, hamak at hindi kilala. At ang nangyari ay lumabas siya kinaumagahan. Ang sabi, "Ano na ang tungkol dito, Imla?" 148 Ang sabi niya, "Humayo kayo at umahon," ang sabi niya, "subalit nakita ko ang Isarael na nagpangalat tulad ng mga tupa sa ibabaw ng burol, na walang pastol."

Ang sabi niya, "Anong sabi ko sa'yo! Ang sinabi ko sa iyo tungkol dito?" At sinabi niya . . .

55 Nang magkagayon ay lumapit ang dakilang obispo at tinampal siya sa bibig at nagsabi, "Saan dumaan ang Espiritu ng Diyos? Dahil alam kong taglay ko ang Espiritu; sumayaw ako, ginawa ko ang lahat ng mga bagay na ito. Kita mo, nasa akin ang Espiritu. Saan ba ito dumaan?"

Ngayon, kita n'yo, si Imla, bilang isang anak ng Diyos, o isang tunay na propeta ng Diyos, sinisiyasat niya ang kaniyang pangitain, sa pamamagitan ng Salita. Kung hindi iyon umayon sa Salita, ito ay mali. Kita n'yo? Ang Salita para sa oras na iyon, kita n'yo? Ngayon, sinabi niya ayon sa Kasulatan, ang lupain ay pag-aari nila, ang lupain ay kanila. Ayon sa Kasulatan, lahat ay tama maliban sa isang bagay.

Alalahanin, isang salita ang dahilan kaya dumating ang lahat ng kaguluhan, di pinaniwalaan ni Eva ang Salita ng Diyos; sa unahan ng Biblia, isang salita ang naging dahilan ng gulo. Si Jesus ay dumating sa kalagitnaan ng Biblia at nagsabi, "Ang tao'y dapat mabuhay sa bawat Salitang lumalabas sa bibig ng Diyos." Sa hulihan ng Biblia, ang sabi, "Ang sinumang mag-alis ng isang salita o magdagdag Dito."

56 Hindi lamang ito bahagi ng Ebanghelyo . . . Ang Metodista ay may bahagi, ang mga Baptist, mga Presbyterian, at iba pa, taglay nila ang bahagi Nito, ang Catolico ay may bahagi Nito, ang Saksi ni Jehova, at lahat ng iba pa sa kanila.

Datapuwat ito ay ang buong Salita, ang lahat ng Salita, ang Salita para sa oras na ito; ito ang maibibilang. At hindi natin ito magagawa malibang pahiran ng Diyos ang isang propeta na makatatayo at makapagsasaysay nito, at siya'y patototohanan, at patutunayang tama. Hindi ito mapapansin ng mga tao at hindi nila ito kailanman malalaman, tulad ng laging nangyayari.

Kayong mga Catolico, na tulad ni Joan of Arc, inyo siyang pinasunog dahil siya umano ay isang mangkukulam; nung huli ay hinukay n'yo ang mga bangkay ng mga pari, pagkalipas ng dalawang daang taon, at tinapon ang mga iyon sa ilog. Hindi n'yo nakilala si St. Patrick at ang iba pa sa kanila.

Lulusot itong muli sa inyong mga kamay, iyon ang una n'yong malalaman. Gagawin ito ng Diyos nang hindi n'yo namamalayan. Kita n'yo, bigla na lamang Siyang pupuslit, at kukunin ang Kaniyang Nobya at Siya'y tatangying paitaas, at nanakawin Siyang palayo mula sa kalagitnaan ng mga tao.

57 Makikita natin, na itong hamak na si Micheas, ay nagsabi na siya'y nagsiyasat, alam niya na ang Diyos ay nagsalita na isang tunay na propetang nauna sa kaniya. Ang propetang nauna sa kaniya, ano ba ang kaniyang sinabi? Sinabi niya ito, ang sinabi niya, "Achab, dahil ibinubo mo ang matuwid, o ang dugo ng matuwid (si Naboth), hihimurin din ng mga aso ang iyong dugo, at maging ang kay Jezabel." At nagkagayon nga talaga, kinailangang mangyari iyon dahil sinabi ng Diyos. Papaanong magagawa ng propeta iyon ang manghula ng mabuti, samantalang ito ay masama at laban dito?"

Paano ko magagawang magsabi na mabubuting bagay sa panahon ng Iglesiang Laodiceang ito samantalang ang Diyos ay nangusap na ng laban dito? Ikaw ay hubad, kahabag-habag! Sinasabi mong, "Ako'y mayaman, ako'y mas may mainam na . . . may mga iglesia akong tulad ng Metodista at mga Baptis, at mga Presbyterian. Mayroon ako nito; mayroon ako nito; ang pinakamahusay na ganito at ganoon." Tama, ngunit hindi mo alam na ikaw ay hubad, bulag, kahabag-habag sa totoong bagay na ipinamamalas ng Diyos. Ganito pa rin ang gagawin nila sa inyo. Susulong palabas. Kita n'yo?

Manampalataya kayo, bayan, bago pa maging huli ang lahat.

58 Ngayon, makikita nating siya'y tinampal niya sa bibig, at nagsabi, “Saan dumaan ang Espiritu ng Diyos . . .”

Ang sabi ni Micheas, “Nakita ko ang Diyos na nakaupo sa luklukan. At lahat . . . Tinawag niya ng mga kinatawan ng Langit, nagsabing, 'Sino ang maaari nating pababain upang dayain si Achab?'” Ang sabi, “At isang sinungaling na espiritu ang dumulog at yumuko sa harap ng Diyos; isang sinungaling.” At sa tuwing ang sinungaling na espiritung iyon ay napapasa mga propeta, dapat sana'y nalaman nilang ang espiritung nasa kanila ay hindi ayon sa Salita. Datapuwat sila'y masyadong napatangay dahil sila'y mga propeta ng hari, dahil maayos ang lahat ng bagay sa kanila.

59 At iyan ang ginagawa ng iglesia ngayon. Kayo'y lumayo na sa makalumang karanasan na dating taglay ninyo maraming taon na ang nakalipas nang kayo'y tumayo sa mga panulukan ng lansangan at nangaral ng Ebanghelyo. Lumabas kayo sa mga organisasyong iyon at tinawag ninyo ang inyong mga sariling, “isang bayang malaya!” Hindi! Dahil muli na naman kayong nabalutan nito tulad ng baboy sa kaniyang lubluban at ng aso sa kaniyang suka. Kung nasuka Siya sa unang pagkakataon, magiging dahilan ito upang masuka Siyang muli. Tama.! Iniluwa kayo ng Diyos mula sa Kaniyang bibig, ang sabi Niya, “Kayo'y malahininga, hindi mainit o malamig, magdaraos ng ilang pagtitipon, pagkatapos ay tutugtog ng ilang . . . Ang mga musikero'y paaawitin ng kaunti samantalang ito ay walang pag-aalinlangang . . . Halos ay nagmistula nang kahihiyan ito sa Cristianismo.

Tinawag ako ng aking anak nung isang araw upang tumingin sa telebisyon; ang palabas umano ay kantahan, kung saan ang mga tao ay dumalo. Ang pangkat ng mga Ricky na nakatayo roon, nag-iindakang tulad sa Rock 'n Roll, at ang inaawit ay mga himho, ito'y isang kahihiyan kay Jesus Cristo! Wala nang kataimtiman sa iglesia, kahit kaunti. Tila baga ang lahat ay naging Rock 'n Roll na at fashion show, sa halip na iglesia ng buhay ng Diyos kung saan ay maipapamalas ni Jesus Cristo ang Kaniyang Sarili sa kapangyarihan. Hindi dapat! Mayroon yatang mali; kayo'y napapadausdos nang palayo. At sinabi ng Bibliang magkakaganito nga. Nakita n'yo? Tignan n'yo kung nasaan na kayo. Mag-ingat, gumising kayo bago pa mahuli ang lahat.

60 Ngayon, makikita natin, ang sabi ko, “Sino ang maisusugo natin upang tumungo roon at dayain si Achab, upang paahunin siya roon upang tuparin ang mga salita ng propeta?” Alam n'yo, kapag ang propeta ay bumigkas ng isang Salita, ang langit at ang lupa ay lililpas, ngunit ito'y hindi mabibigo. Kailangan itong maganap. Kaya nga iyon ang dahilan, ito'y kailangang maganap.

Ang sabi niya, “Ikulong ang taong ito sa panloob na bilangguan; pakainin siya ng tinapay ng kalumbayan at ng tubig ng kalumbayan. Kapag ako'y bumalik nang mapayapa haharapin ko siya.”

Si Micheas ay nanindigan nang matatag, nalalaman niyang nasa kaniya ang Espiritu ng Diyos. Ang kaniyang hula at mga pangitain ay tama. Ang mensahe niya ay tama, dahil ito'y ITO ANG SABI NG PANGINOON mula sa mga pangitain, ITO ANG SABI NG PANGINOON mula sa Salita. Kinailangang ito'y maging tama, ito'y ITO ANG SABI NG PANGINOON. Ang sabi niya, “Kung makakabalik ka pa, hindi kailan man nangusap sa akin ang Diyos.” At alam n'yo kung anong naganap, tiyak, kita n'yo, kayo'y . . .

Unawain mo kapatid. Pakinggan.

61 Oo, hindi ito nakita ni Caifas. Bakit hindi siya tumingin sa ibaba . . . ? Siya ay isang—siya isang obispo, siya ang papa ng samahan ng lahat ng mga iglesia. Bakit hindi makita ng lalaking iyon si Jesus na nakatayo roon? Bakit hindi niya maunawaan? Samantalang sila'y umaawit ng ika-dalawampu't dalawang Salmo sa simbahan, at, “Diyos ko, Diyos ko, bakit Mo ako pinabayaan?”, at doon Siya'y nakabayubay sa krus. Ang pinaka-Kasulatan, ang pinaka-Diyos na kanilang sinasasamba, hinatulan nila Siya at pinapatay Siya bilang “isang panatiko.” Hayan na.

Magigitla kayo kapag sinabi ko sa inyong iyon ay napipintong maulit muli. Ang Biblia ang nagsabi na Siya ay nasa labas at kumakatok upang makapasok, at walang nais magpatuloy sa Kaniya, “Ang Aking iniibig ay Aking pinarurusahan at sinasaway, pinagsasabihan Ko siya, niyuyugyog Ko siya, ngunit ito'y dahil mahal Ko siya. Magbukas kayo at hayaan n'yo Akong makapasok.” Oo. Hindi magawa . . . “Tandaan, hindi Ko nais na pumasok sa iglesia; ang tinutukoy Ko ay siya, ang indibiduwal.” Hindi Siya makapasok sa iglesia, kinandaduhan na Siya nito sa labas. Ang tanging . . . Kung gayon, ang tanging organisasyon sa lahat sa kanila, ay ang panahong ito ng iglesia, kung saan Siya ay nasa labas ng iglesia. Pinalabas! Hindi tinaggap! Tinanggihan! Dahil . . . Siya ay naipahayag lamang nang pansamantala sa ibang mga iglesia, sa anyo ng pag-aaring ganap, at ng kasunod pang iba, ngunit dito sa panahong paparating, ay ang kapuspusan ng pagpapahayag ng bindikasyon ni Jesus Cristo, na siya ring kahapon, ngayon, at magpakailan man. O, inaamin ko, na napakaraming manggagaya ngayon, datapuwat suriin ang pinakauna, ang orihinal.

62 Pumanaog si Moises dala ang mga utos ng Diyos upang iligtas ang Israel; at nang gawin niya ito, ay

gumawa siya ng ilang mga himala. Nagsisunod ang mga manggagaya sa kaniya. Kung nauna sila siya dapat ang lalabas na manggagaya. Kita n'yo, taglay niya ang Salita ng Panginoon, at ang Panginoon ang nagbindika; tumahimik lamang siya.

At alam n'yo, ang bagay na ito ay ipinangako rin sa huling araw? "Kung papaanong sina Jambres at Janes ay sumalangsang kay Moises, gayon din naman ang mga taong ito na may napakasamang pag-iisip tungkol sa katotohanan." At lumitaw ang organisasyon, pinanatili ang isang . . . Pinadadaan ang isang tao sa organisasyong iyon. Ipinakita nito na hindi ito galing sa Diyos; sapagkat ginagawa ng Diyos ang mga bagay na iyon upang tawagin ang pansin ng pag-iisip ng mga tao, at pagkatapos ay susundan ito ng mensahe. Kung hindi, ay hindi ito sa Diyos. Hindi ito ang Diyos! Laging ganoon ang ginagawa ng Diyos.

Hindi ito naunawaan ni Judas. Lumakad siyang kasama Niya, hindi niya ito nakita.

63 Ngunit ang totoong itinalaga ng Diyos, ang tunay na binhi, ang tunay na punla, isang kaluluwa ng Diyos, na nasa Diyos bago pa itatag ang sanlibutan; alalahanin, kayo na totoong may taglay na Espiritu Santo ngayong gabi, kayo ay na kay Crisot dahil Siya ang kabuuan ng Salita. Siya ang kapuspusan ng Diyos sa laman. Ang Diyos ay na kay Cristo, pinagkakasundo ang sanlibutan sa Kaniyang Sarili. Sumasampalataya ba kayo riyan? Tingnan ninyo, Siya ay na kay Cristo. At kung kayo ay nasa Diyos na noon, isang binhi, isang Salita, isang katangian mula sa pasimula, kung gayon ay lumakad kayong kasama Niya rito sa ibabaw ng lupa, nagdusa kang kasama Niya dito sa lupa, namatay kang kasama Niya sa Kalbaryo, at nagbangon kang muling kasama Niya; at ngayon, ikaw ay nakaupo sa mga makalangit na dako kay Cristo Jesus, nakikipagniig sa Kaniya (ang Salita) habang Ito'y naipapakain sa inyong kaluluwa, na, "Ang tao'y dapat mabuhay sa bawat Salitang lumalabas."

Hindi ang Salitang Metodista, Salitang Baptist; alalahanin, kung mayroong anumang matitira sa hain, ito'y dapat sunugin bago mag-umaga, dahil ang bukas ay isang bagong kapanahunan ng iglesia. Tama ba? Exodo, ito'y totoo. Isang sagisag, tipo ng hain.

64 Ang Pinto. Ang sabi, "Magtatalaga Ako ng isang dako. Huwag . . . Hindi ninyo Ako sasambahin sa bawat pintong Aking ibinigay sa inyo; datapuwat mayroong isang Pinto, at sa Pintong iyon ay ilalagay Ko ang Aking Pangalan." At kung saan inilalagay ng Panginoon ang Kaniyang Pangalan, iyan ang dako kung saan ay tatanggapin ng Diyos iyong hain. Lahat na ng uri ng pinto ay nagawa na natin, datapuwat ang Diyos ay gumagawa ng isang Pintuan. At ang Diyos ay gumagawa ng isang Pintuan, at ang Pintuang iyon ay . . . San Juan, ika-10 kabanata, sinabi ni Jesus, "Ako ang Pintuan."

Inilagay ng Diyos ang Kaniyang Pangalan kay Jesus. Naniniwala ba kayo riyan? Siya ang Anak ng Diyos. Ang bawat anak ay dumarating sa pangalan ng ama. Ang sabi Niya, "Ako'y naparito sa Pangalan ng Aking Ama, hindi ninyo Ako tinanggap." Ako'y naparito sa pangalan ng aking ama, kayo man ay naparito sa pangalan ng inyong ama. Si Jesus ay naparito sa Pangalan ng Kaniyang Ama, kung kaya't ang pangalan ng Kaniyang Ama ay Jesus; akmang-akma, dahil Siya'y naparito sa Pangalan ng Kaniyang Ama.

"At hindi ninyo Ako tinanggap. Ang iba ay paririto, at siya ay tatanggapin ninyo." Kukunin ninyo ang inyong mga denominasyon at magpapatuloy kayo sa mga ito. Magpatuloy lang kayo, ang sabi ng Biblia, "Sila'y pinalitaw upang tuparin ang bahaging ito. Bulag, hubad, at hindi nila nalalaman." Iglesia, relihiyon, o napakarelihiyosong tignan, tulad din naman ni Cain; naghanda siya ng hain, ginawa niya ang lahat ng bagay na ginawa ni Abel. Ngunit sa pamamagitan ng kapahayahan, naipahayag sa kaniya kung ano ang sakramento, hindi mga bungang-kahoy ng kabukiran at mga bagay na may kinalaman ang iyong kamay.

Makikita ng mananampalataya ang Salitang nahayag sa laman; ang iba ay hindi makagagawa nito.

65 Lahat ng mga Israelitang iyon, matapos nilang makitang gawin iyon ni Moises, at dalhin sila hanggang sa dakilang konseho, kung saan ito nakatakdang ganapin, bawat isa sa kanila ay nagsabi, "Sasama kami kay Balaam, dahil sa palagay namin ay tama si Dr. Balaam. Siya ay mas matalino, mas aral, at lahat na, kaya ito ang aming tatanggapin."

At hindi sila pinatawad ng Diyos kailan man. Nilipol Niya sila doon mismo sa ilang. At si Jesus mismo ang nagwika, "Hindi sila papasok kailan man, walang sinuman sa kanila ang naligtas." Sinabi ni Jesus . . .

Ang sabi nila, "Ang aming mga magulang ay kumain ng mana sa ilang sa loob ng apatnapung taon."

Ang sabi Niya, "Bawat isa sa kanila ay nangamatay na, naihiwalay na magpawalang-hanggan sa Diyos. Bawat isa sa kanila ay nangamatay." Tiyak na tiyak! Dahil sila ay nakining sa isang kamalian. Samantalang si Moises, na bindikado ng Diyos, at isang tagapamuno, upang ipakita sa kanila ang daan tungo sa Lupang Pangako, at sila'y umabot hanggang doon, datapuwat ayaw nilang makisama sa kaniya.

Ngayon, ang mga mananampalatay ay nakakikita nito, ngunit ang mga di mananampalataya ay hindi ito makikitang nabibindika.

66 Tignan natin kung gaano karelihiyoso si Caifas. Tignan n'yo ang lahat ng mga paring iyon kung gaaano sila karelihiyoso. At hinarap sila ni Jesus at nagsabi, "Kayo'y sa inyong amang Diablo, at ang kaniyang mga gawa ang gagawin n'yo."

Datapuwat may ilang mga mananampalatayng nakaupo roon. Sa palagay kaya ninyo'y nauunawaan ng Kaniyang mga alagad nang sabihin ni Jesus, "Ako at ang Ama ay iisa." Di nila ito maipaliwanag nang sabihin Niya, "Malibang kanin ninyo ang laman ng Anak ng Tao, at inumin ang Kaniyang Dugo, ay walang Buhay sa inyo." Kaya ba nilang ipaliwanag iyon? Hindi. Ngunit sinampalatayanan nila Ito dahil nakita nila ang Diyos na nabibindika at nahayag sa laman.

67 Sinabi ni Jesus, kung hindi Ko ginawa ang gawain ng Aking Ama, ay huwag ninyo Akong paniwalaan. Datapuwat kung Aking ginagawa ang mga gawa ng Aking Ama, ang Salita na inihulang Aking gaganapin, kung gayo'y kayo . . . Kung hindi kayo makapanampalaya sa Akin, sampalatayanan ninyo ang Aking ginagawa, upang kayo'y mangaligtas." Kita n'yo? Si Jesus ay nagsabi, "Nakikilala ng Aking Kawan ang Aking Tinig. Kilala nila ang Aking Salita, nakikita nila kapag Ito ay nabibinka para sa panahong iyon.

"Buweno, alam din ni Caifas ang Salita!" Datapuwat hindi ang Salita para sa panahong iyon. Nasa kaniya ang salitang idinuldol sa kanila ng mga Fariseo, ngunit hindi ang bindikadong Salita para sa oras na iyon.

"Kilala nila ang Aking Tinig, kilala nila ang Aking tanda, kilala nila ang Aking kababalaghan," kung papaanong hindi dapat . . .

O, balikan natin ang ating teksto dahil marami tayong malalaktawan sa mga Kasulatang ito, kung hindi natin babalikan, dahil kailangan ko na ring maghawas sa ilang sadali, at ilang sandali na lamang ay mag-aalas-diyes na. Mahal ko Siya. Amen.

68 Mga kaibigan, kayong mga taong lumakad sa pagitan ng mga upuan at naghulog ng mga kaloob kanina; mga taong nagpakain sa aking mga anak, at nagbihis sa kanila; ang mga taong naglagay nga inyong mga salapi (na inyong pinaghirapang kitain) sa isang sisidlan ng mga kaloob, alam ba ninyo kung saan iyan napupunta? Natutulungan ako niyang makapunta sa ibang bansa, sa mga Hitenong di pa nakarinig ng anuman tungkol sa Diyos. Iyan ang ginagawa ko sa mga kaloob na iyan, bawat sentimo, ang Diyos ang aking hukom. Narito ang ilan sa aking . . . Ang lalaking nakaupo rito ngayon na siyang—namamahala sa pananalapi ng aking iglesia. Tumatanggap ako ng isang daang dolyar bawat linggo, at 'yun na; ang tira nito ay ginugugol upang tumangkilik ng mga pagtitipon sa ibang bansa, kung saan ang mga tao roon ay hindi makaparito.

Ayaw akong pagsalitain ng mga iglesia. Ayaw nila sa akin. Ayaw nila. Tama. Binabansagan nila ako ngayon, "Siya ay isang . . ." Ang sabi nila, "Siya ay isang 'Jesus Only' o kaya'y siya'y isang parang gano'n, o kaya'y isang erehe, o panatiko, at lahat na, isang—Jezabel." At inasahan ko na iyon, tinawag nila ang aking Panginoon na, Jezabel, at tinawag nila Siya na . . . Hindi Jezabel kundi Beelzebub. Binansagan Siya ng lahat ng masamang pangalan. "Kung tinawag nila ang Panginoon ng sambahayan na 'Beelzebub', ano pa ang ibabansag nila sa Kaniyang mga alagad?" Kaya't walang kaibahan 'yan.

At kayo mismo, sa tulong ng Diyos, sa palagay ba ninyo ay makatatayo ako ritong isang napakalaking ipokrito at magsasabi sa inyo ng isang bagay . . . ? O hindi kaya nais ko lang umayon dito kung iniisip kong ito'y mula sa Diyos?

69 Datapuwat kung mahal ko kayo, at alam ko kung ano ang Katotohanan . . . Narinig na ba ninyo akong nangusap ng anuman, kailan man sa Pangalan ng Panginoon na hindi natupad? Hindi. Tinatanong ko ang sinuman. Libu-libong mga bagay na ang naipangusap, lahat ay nagaganap. Naaalala ba ninyo nang si Samuel ay ipatawag, siya nga yata iyon, at sinabi niya . . . ? Nais ng Israel tumulad sa lahat ng ibang bansa. At diyan na kayo patungo, kayong mga Pentecostal. Nais ninyong kumilos na tulad ng lahat ng ibang tao. Hindi nila kayo kauri. Lumayo kayo rito. Ang mga malalaking simbahan at naglalakihang, naggagandahang mga bagay, o kapatid, huwag mong gagawin iyan. Ipingangaral natin na ang pagdating ng Panginoon ay nalalapit na, humayo tayo sa pagmimisyon, at balaan nating ang mga Hiteno. Kita n'yo, gumawa tayo ng isang bagay tungkol dito.

70 Pero, kita n'yo, ang sabi ni Samuel, "Kahit minsan ba'y kinunan ko kayo ng salapi para sa aking kabuhayan?"

Ang sabi nila, "Hindi, Samuel, kailan man ay hindi mo ginawa iyan."

Ang sabi niya, "Mayroon ba akong sinabi sa inyo sa Pangalan ng Panginoon na hindi nangyari?"

"O, tama 'yan, Samuel. Naniniwala kaming isa kang propetang sugo ng Diyos. Oo, lahat ng inihula mo ay nangyari, Samuel. Pero gusto pa rin namin iyon." Nakita n'yo na ang nangyari? O kapatid, nauulit lang lagi ang Kasulatan, pabalik-balik lang ito dahil ito ang pamamaraan ng Diyos? Kita n'yo, aabot kayo sa mga ganitong uri ng panahon.

Magtungo kaagad tayo sa ating teksto. Ngayon, mahaba na ang oras na nagugol ko, hindi pa ako nakakarating sa aking teksto.

71 Ito'y nasa aking puso! Mahal ko kayo! Huwag nawa kayong mapahamak kasama ng sanlibutan! Kung kayo'y sa sanlibutan, mapapahamak kayong kasama ng sanlibutan. Kung kayo'y sa Diyos, sasama kayo sa Kaniya sa pagkabuhay na muli. Kaya't palitan na ninyo ang inyong kalikasan ngayong gabi mula sa pag-ibig sa sanlibutan at sa mga bagay ng sanlibutan, at lahat ng mga kredong ito at mga bagay-bagay, at tumingin kayo ng tuwid sa Kalbaryo, sa inyong Sakripisyo; katagpuin n'yo Siya sa lupaing iyon dahil iyon lang ang tanging dako kung saan ay katatagpuin kayo ng Diyos. Siya ay . . .

Ang sabi ng mga Metodista, "Siya ay nasa aming iglesia." Ang sabi ng mga Baptist, at ng mga Pentecostal, at sabi nito, at ng mga Presbyterian, at nitong iba.

Ngunit ang sabi Niya, "Katatagpuin Ko sila sa isang dako, ang dakong paglalagyan Ko ng Aking Pangalan." Iya'y kay Jesus Cristo. Diyan inilagay ng Diyos ang Kaniyang Pangalan. Diyan lamang Niya kayo katatagpuin; at ito'y kay Cristo na siyang Salita, siya rin kahapon . . . Ito'y tumubo mula sa mga paa tungo sa mga hita. At ngayon ito ay nasa ulo na, handa nang sumulong; nagpapahayag ng buong sukat, ang Nobya, katulad ng Nobyo.

72 Ngayon, tumungo tayo sa ating teksto, sumandali, sa loob ng mga sampung minuto at pagkatapos ay magwawakas na tayo. Ngayon, ang ating teksto, tayo ay . . . Ang ipagpapalagay natin ay ang, ito'y muli na namang nangyari, tulad ng ating teksto, tulad ng karaniwang nangyayari.

Sinugo ng Diyos ang Kaniyang propeta habang Kaniyang . . . Salita ang nangako ng Malakias 3, "Isang mensahero ang Aking isusugo sa Aking harapan upang hihanda ang Kaniyang pagdating."

Ngayon, kung nais ninyong ibindika ito, upang patunayan ito; sa Mateo, ika-11 kabanata, ay nagbibindika rin dito. Nang dumating ang mga alagad ni Juan, at nakita nila si Jesus, ay sinabi nila, "Si Juan ay nasa bilangguan, 'Naparito kami upang itanong sa Iyo kung siya na nga ba . . . '"

Ang mga matang-agila ni Juan ay nanlalabo na. At siya ay nasa bilangguan, malapit na siyang mamatay; sabi niya, "Pumaroon kayo at tanungin Siya."

Kita n'yo, sinabi ni Juan, "O, ang Kaniyang pamaypay ay nasa Kaniyang kamay, lubusan Niyang lilinisin ang Kaniyang giikan." Iniisip niyang ang milenyum ay magpapasimula na noon, ang akala niya'y handa na ang butil para sa pag-ani. Datapuwat kailangan muna itong mamatay, at tumungo roon sa uhay, upang muling pumanik, upang bumuo sa tunay na Nobya. Kayat't sinabi niya, "Titipunin Niya ang Kaniyang trigo sa kamalig, at susunugin Niya ang ipa sa apoy." Masdan ang tagapaghandang iyon ni Cristo ng panahong iyon, kung ano ang sinabi niyang mangyayari. "Ang trigo ay . . . "

73 At ako'y umaasang hindi pa kayo tulog. Ang butil ay narito na! Ito'y matititpon sa kamalig. Ito'y yaong Nobya, ang bahaging yaon nito. Datapuwat ano ang sinabi Niyang mangyayari sa uhay? Ito'y tutupukin ng apoy na hindi namamatay. Hanapin na ninyo ang kaligtasan ngayon habang magagawa pa ninyo. Maging butil kayo at hindi uhay. Kita n'yo. Tumungo kayo sa Buhay, hindi sa matandang patay na anyo; tumungo kayo sa Buhay ni Cristo, ang Salitang naipahayag, ang . . . Naipahayag at nabindikang lubos. Ito ang—ito ang oras ng pagtitipon, ang pang-ani ay dumarating na. Makabubuting tumungo ka sa butil, dahil ang ipa'y maiiwanan.

74 Ngayon, makikita natin na ang nangyari . . . Si Jesus . . . Upang tapusin ko ang aking sipi rito, ang Mateo 11 na ito. Kita n'yo? Hindi N'ya binigyan si Juan . . . Ang sabi Niya, "Ngayon, hintay, bibigyan Ko si Juan ng isang aklat tungkol sa kung anong dapat niyang iasal, bilang isang mananampalatayang bilanggo." Hindi, ang sabi Niya, "Magmatiyag kayo at masdan kung anong mangyayari. Magbalik kayo at ipakita n'yo kay Juan kung anong nangyari: ang lumpo'y lumakad, ang bulag ay nakakita, ang patay ay nabuhay, at ang Ebanghelyo ay naipangaral sa mga mahihiarap." Akmang-akma sa sinabi ng propeta na magaganp. "At mapalad ang sinumang hindi makasumpon sa Akin ng katitisuran."

At ang mga alagad ay tumawid ng burol, Siya'y lumingon at nagsabi, "Ano bang inakala n'yong makikita n'yo nang lumabas kayo upang tignan si Juan? Naparoon ba kayo upang makita ang isang lalaking nakabihis ng malambot na kasuotan, at iba pa, o na may kuwelyong nakabaliktad, at lahat ng ito, alam n'yo na?" Ang sabi Niya, "Sila'y nasa palasyo ng mga hari, hinahagkan nila ang mga sanggol at inililibing ang mga patay, hindi sila marunong humawak ng tabak na may dalawang talim." Kita n'yo? Ang sabi Niya, "Ano bang ipinarito n'yo upang makita? Isang tambong hinahampas ng hangin, 'Halika Juan, bibigyan kita ng mas maraming pera kung paparito ka lang'? ("Buweno, purihin ang Diyos, hindi na ako Metodista, ako'y magiging Pentecostal na, ako'y magiging Presbyterian, ako'y magiging ganito, ganoon, alin man ang may mas maraming salapi.") Ang sabi Niya, "Ano bang inakala n'yong makikita n'yo roon, isang propeta?" Ang sabi Niya, "Oo, at higit pa sa isang propeta."

75 Kabibigay pa lamang ni Juan ng pinakamababang parangal na maaari niyang ibigay kay Jesus. Alam niyang kailangan itong maganap nang gayon; tinanong niya Siya matapos na maipakilala, at makita ng

tanda sa Kaniyang ulunan, sinabi niya, "Ito ang Mesias," pagkatapos ay narito at nagtatanong siya, "Ikaw na nga ba Siya, o kailangan pa naming maghanap ng iba?"

Ngunit tignan n'yo, si Jesus bagama't alam Niya iyon, ay lumingon at pinarangalan siya at nagsabi, "Ano bang ipinunta n'yo upang makita, isang tambong hinahampas ng hangin?" Ang sabi, "Kailan man ay wala pang lalaking isinilang ng babae na kasing dakikla ni Juan, maging hanggang sa araw na ito." Tama iyon! Anong gandang papuri para ibigay sa lalaking iyon! 211 Subalit, nakikita ba ninyo, iyon na 'yon, ang hulang iyon ay natuupad sa kanilang harapan, na mayroon pa ngang tagapagpakilalang dumating, tugmang-tugma sa sinabi ni Malakias. Ngayon, iyon ay Malakias 3, hindi Malakias 4.

Si Juan Bautista ang Malakias 3, sinabi ito ni Jesus, nang tanungin niya Siya, ang sabi, "Bakit sinasabi ng mga eskriba . . . " Ang sabi Niya, "Dumating na siya. Ginawa na nila sa kaniya ang sinabi nila."

Ngunit, alalahanin, ang Malakias 4, pagkatapos na pagkatapos ng Malakias 4, ang ikaapat na pagparito ni Juan Bautista sa . . . O ni Elias. Ang ikalimang pagparito ay ang Apocalipsis 2, ang mga saksi, kapag sila'y naparito para sa mga labi (remnant) ng mga Judio. Datapuwat ginamit ng Diyos ang espiritung iyon ng limang ulit: grace (biyaya), J-e-s-u-s, si Jesus ito sa bawat pagkakataon; f-a-i-t-h (pananampalataya), g-r-a-c-e, at iba pa. Nakikita n'yo ba? Ang bilang na lima ay bilang ng biyaya at ginamit Niya ito. Hindi Siya gagamit ng tatlong babala lamang; may dalawa, tatlo, apat, limang ulit Niya itong ginagamit.

76 Ngayon, sumandali n'yong pansinin, habang tayo'y nagtatapos. Ang sabi Niya, "Ito Siya na naipangusap. Isusugo ang Aking mensahero sa Aking unahan." 215 Datapuwat sa Malakias 4, pagkatapos na pagkatapos manghula ng propetang iyon, ang buong sangkalupaan ay matutupok, at ang matuwid ay lalakad sa mga abo ng masama. Kita n'yo? tugmang-tugma! Kita n'yo, iyon ang hula ng Malakias 4.

At pansinin sa Lucas 17, kung saa'y sinabi Niya, "Sa huling mga araw, mauulit ang naganap sa Sodoma't Gomora." Narit na nga ba sa atin? Narito na nga ba muli ang Sodoma't Gomora? Ang lahat ng mga bansa ay nakatingin ngayon dito. Tignan n'yo kung anong sinabi nila tungkol sa Inglatera, lubos na itong nabaluktot. Maging ang pagkain ay baluktot na. At tignan ninyo kung ano ang natuklasan ng agham . . . Makikita n'yo sa Reader's Digest, sa paniwala ko, ay noong nakalipas na buwan, ang sabi nila, "Mga kabataang kalalakihan, at kababaihan ngayon ay mapapasa gitnang-gulang sa pagitan ng bente at bente y singko anyos." Nakikita ko sila sa mga pagtitipon, mga batang babae na nagmemenopos na, at sila'y bente o bente dos anyos pa lamang, menopos na. Anong dahilan nito? Ang kabuktutan, ang paghahalong-lahi. Iyan talaga ang bumulok, ang lahat ng ito ang sumira sa katawan? Mistula na tayong isan kalat ng . . .

Tulad ng isang halamang hybrid . . . Kumuha ka ng isang halamang hybrid at ilabas mo ito, lahat ng insekto ay magpupuntahan dito. Ngunit ang tunay, at orihinal na halaman, lalayuan ito ng insekto, hindi niya ito matatagalan. At iyan ang problema sa iglesia; hinaybrid na natin ito.

77 Ganiyan ang nangyari sa matandang kabayo ni Peary Green; inihagis nito ang lalaking iyon nung isang araw; siya'y isa lamang matandang quarter horse. Kita n'yo? Isa lamang itong, siya'y . . . Para din itong isang mola, siya'y— siya'y . . . Hindi kilala ng isang mola kung sino ang tatay o nanay niya; wala siyang anumang nalalaman; kalahating mola at kalahating kabayo siya, at kalahating ganito at kalahating asno; hindi niya alam kung ano siya. Hindi mo kailan man . . . Maghihintay siya buong buhay niya upang magawa niyang sipain ka. Tama. Hindi mo siya maaaring tawagin, at sabihang, "Halika. Halika rito." Iuunat niya ang kaniyang mga tainga, at magha-"Haw. Haw. Haw." Kita n'yo?

78 Katulad ng ilang mga nagsasabing, "Ang mga araw ng himala ay lumipas na. Haw, haw, haw," ang mga mistisong ito, mga naturingang miyembro ng iglesia at mga Cristiano. Hindi ko sinasabi para magbiro; totoo iyan. Ngunit ang tunay at purong-lahi, kapatid, kilala niya kugn sinong tatay niya, kung sinong nanay niya, kung sinong lolo niya, lola niya; maaari mo siyang turuan; banayad siya.

Ang isang tunay na Cristiano na isinilang na muli ng Espiritu Santo at puspos ng kapangyarihan ng Salita, alam niya kung sinong tatay niya, kung sinong nanay niya, kung sinong lolo niya, at lola niya; alam niya ang lahat ng ito. Maaari mo siyang turuan.

Ngunit ang isang mestiso, humantong na sa ganiyang ang mga iglesia: hybrid sa pagitan ng sanlibutan at organisasyong pangrelihiyon, at naglalahok ng kaunting Salita, kaunting Salita dito at doon, sapat lang upang makapandaya. Tama. Kapag nakita n'yo ang tunay na Salita ng Diyos na naipapamalas tulad ni Caifas at ng iba pa, nilalayuan nila Ito; hindi nila kilala: hybrid.

79 Ngayon, makikita natin, sa mensaheng ito, ang Isaias 40:3 ay nagbindika rin kay Juan. Ang sabi niya, ang tinig ng isang prpeta, na sumisigaw sa ilang, "Ihanda n'yo ang daan ng Panginoon; tuwirin n'yo ang Kaniyang landas." Hidni Siya pinaniwalaan ng iglesia, sapagkat hidi siya kabilang sa lupon nila. Ang propetang iyon ay lumaki sa ilang, dumating nang walang sinumang nakikilala. Nakalukob sa kaniya ang

pinaka Espiritu na taglay ni Elias dati: isa siyang taong ilang; namumuhi siya sa mga babaeng imoral.

Naaalala n'yo ba kung papaanong si Elias . . . Anong dahialan at pinugutan siya ng ulo? Si Jezebel. Si Jezebel ang sanhi ng kaniyang kamatayan. Napatakbo siya sa ilang.

Si Juan Bautista, isa pang mahilig sa ilang, isang mangangaso, isang taong-gubat. Masdan n'yo siya. Hindi siya nag-aral. Masdan n'yo ang kaniyang—ang teksto niya ay hindi tulad ng sa teologo. Ang sabi niya, "O kayong lahi ng mga ulupong." Ang pinakamaruming bagay na makikita n'yo sa ilang, ang pinakatuso, ay ang isang ahas. At tinawag niya ang mga paring iyon, "Kayong lahi ng mga ulupong, sinong nagbabala sa inyong tumakas sa galit ng Diyos na paparating? Huwag kayong magsimulang magsabing, 'Kabilang kami sa ganito, at mayroon kaming ganito o ng gano'n, sapagkat sinasabi Ko sa inyo, magagawa ng Diyos na sa pamamagitan ng mga batong ito ay . . . ? . . . sa kanila. Isa pa, ang palakol ay (iyon ang gamit niya) ay nakaumang na sa ugat ng puno; at ang bawat puno na hindi namumunga ng mabuti ay puputulin at igagatong sa apoy." Amen.

80 Isa siyang mangangaral ng kalikasan, isang dakilang tao ng Diyos, namuhay lang nang maiksi, ngunit tunay ngang pinag-apoy ang buong sangkalupaan. Ginimbal niya ang henerasyong iyon sa loob ng anim na buwang ministeryo niya. Inalagaan siya ng Diyos sa loob ng tatlumpung taon upang kunin ang anim na buwan na iyon sa kaniya. Ngunit ginagawa ng Diyos ang Sarili Niyang pamamaraan; alam Niya kung ang anong aanihin Niya.

At makikita natin ngayon na iyon nga ang naganap. Hindi nila Siya pinaniwalaan, sapagkat hindi Siya kabilang sa kanila. Hindi nila, tulad ng . . . Tulad ng dati, hindi nila ito nakita. Hindi nila pinaniwalaan ang Salita ng Diyos sa Malakias 3, disin sana'y nakita nila nang malinaw sa pamamagitan ng mga titik na ito na ito na nga tagapaghanda ng daan. Hindi sila nagkaroon ng propeta sa loob ng apat na raang taon, at narito't biglang lumitaw sa eksena ang isang ito. At ang mga tao, ang mga mananampalataya, ay sumampalatayang siya nga iyon. Kita n'yo? Hindi nila Ito sinampalatayanan. Hindi sila naniwala dahil nang ganap nilang makita na pinagtibay ang titik, ayon sa sinabi Niyang magaganap, at lahat na, at nakitang itong malinaw na nabindika nang lumusong ang Salita sa tubig papunta sa propeta, nakatayo sila roon.

81 Marami ang nagtatalo sa Kasulatang iyon tungkol kay Juan. Kita n'yo? Ang sabi ni Juan, "Ako ang kailangang bautismuhan Mo, bakit Ikaw ang lumalapit sa Akin.?" 228 Anga sabi ni Jesus, "Itulot mo itong maganap, sapagkat nararapat para sa atin (makabubuti sa atin, nararapat) na tuparin natin ang buong kat- . . . Juan, ikaw bilang isang propeta, alam mong ang hain ay kinakailangang hugasan bago ito ihandog. At Ako ang Hain na iyon, at ikay ay isang propeta at nalalaman mo iyon." Nang magkagayo'y pinahintulutan niya, at binaustismuhan Siya. Kita n'yo? At nalaman niyang iyon nga 'yon.

82 Tignan n'yo, pinagtawanan nila siya, tinawag siyang "isang mabangis, sumisigaw at walang-aral na panatiko," tulad ng dati, ang propetang iyon ang naghanda ng daan ng unang pagdatin ni Jesus.

Hindi ko sinasabing sila'y—hindi ba't may gayon din tayong mga panggagaya sa araw na ito—ng kung anong tunay? Siya nga, tunay nga silang nanggagaya. Ngunit, alalahanin, kapag nakakita kayo ng isang pekeng dolyar, mayroo't mayroong tunay na dolyar na pinaggayahan nito. Kapag nakakakita kayo ng isang nagkukunwaring isang Cristiano, mayroo't mayroong isang tunay na Cristiano; sapagkat kung wala, iyon ang magiging orihinal. Dapat ang orihinal ang kunin n'yo. Ngunit suriin n'yo ang una, at tignan n'yo kung ang orihinal ay katugmang-katugma ng pangako. Kung katugma, kung gayo'y sampalatayanan n'yo Ito: ang pangako para sa kapanahunan.

Kung gayon ang propesiya ni Juan ay nabindika sa kaayusan ng Diyos. Ang Salita ay dumating sa propeta at nagbindika sa kaniya na totoong siya nga ang taong iyon.

83 Muli, si Jesus ay dumating sa isang—kakaiba sa kanilang pagkaunawa sa propesiyang iyon. Hindi gano'n ang pagkaunawa nila do'n. (Ngayon, papunta na tayo sa dulo ngayon.) Ngunit ayon sa Salita ng propeta, natupad ito ayon sa titik. Ang hula ay natupad; ngunit hindi ayon sa paraang inisip niya. Ngayon, papaano nilang mauunawaan kung alin ang tama o mali? Upang malaman kung ito ay bindikado ng Diyos, iyon ay kung ang Diyos ang nagpapaliwanag ng kung anong sinabi Niya. Marami nang mga bulaang Jesus na lumitaw, at pinangunahan ang isang tao, ang isang grupo na binubuo ng apat na raan doon sa ilang at iba pa; ngunit hindi niya napatunayan na siya ay nasa sa Salita, tulad ng sinabi Niya.

84 Si Jesus, nang Siya'y dumating, ay nakatakdang maging isang propeta. Tama. At sa araw na ito, bago bumalik si Jesus, ang buong manipestasyon ng Persona ni Jesus Cristo ay nakatakdang maipamalas sa laman. Pag-isipan n'yo ito. Ang sabi ni Jesus, "Kung papaano ang mga kaarawan ng Sodoma ay gayon din ang magaganap sa pagdating ng Anak ng tao, kapag naihahayag na ang Anak ng tao." Ano bang ibig sabihin ng nahayag? Nailantad, naipaalam. Ang lihim ay nailantad, naipahayag. Sa araw ng paghahayag ng Anak ng tao, ang sanlibutan ay mapapasa kalagayang tulad sa Sodoma. Narito na ito, hindi ba? Siya nga. Ilan sa inyo ang naniniwala diyan? Nasa kalagayan na itong tulad sa Sodoma. Tamang-tama nga. Tignan n'yo kung saan na ito napasadlak.

Alalahanin, laging may tatlong grupo sa bawat kalipunan ng mga taong nagkakatipon; iyon ay ang kunwa'y nananampalataya, di mananampalataya, at mga mananampalataya. Nariyan ang mga iyan sa bawat kalipunan. Nariyan silang palagi. Naroon ang mga Sodomita; naroon ang mga Lotita, at naroon si Abraham.

85 At si Abraham ay isang lupon ng mga tinawag palabas; wala siya sa Sodoma sa pasimula pa lang. Ngayon masdan ang kanilang Mensahe! Matagal na silang naghihintay ng isang ipinangakong anak na lalaki, maraming taon na nila itong inaabangan. Nagpakita ang Diyos kay Abraham ng maraming dakilang mga tanda at kababalaghan, ngunit sa pagkakataong ito ang Diyos ay bumaba tulad sa isang tao. Sasabihin mo, "Isa iyong Anghel."

Tinawag Siya ni Abraham na, "Lord," malaking L-o-r-d. Sinumang nagbabasa ng Biblia ay nakakaalam na ang malaking L-o-r-d ay si Elohim: sa pasimula ay ang Diyos, Panginoong Diyos, Elohim, ang Isang sapat-sa-lahat. Tinawag Siya ni Abraham na, "Panginoong Diyos, Elohim."

86 Ngayon, pansinin n'yo, may dalawang taong nagpunta sa Sodoma na may dalang mensahe, at nagaral sila sa mga Sodomita. Hindi sila nagsagawa ng anumang bagay, maliban sa bulagin sila; at, ang pangangaral ng Ebanghelyo ay bumubulag nga sa di mananampalataya.

Ngunit masdan n'yo kung anong uri ng tanda ang natanggap ng grupon ni Abraham.

Ngayon, tayo dapat ngayon ang maging maharlikang Binhi ni Abraham; si Isaac ang natural na binhi. Ngunit ang binhing pananampalataya, ang pananampalataya sa Salita, sa ipinangakong Salita (Huwag na di n'yo makuha.) ay ang maharlikang Binhing iyon; iyon ang binhi, ang pananampalataya ni Abraham." Kung tayo ay mga nangamatay na kay Cristo, tayo'y mga binhi ni Abraham, mga tagapagmanang kasama niya ayon sa pangako."

Pansinin na habang nagaganap ang lahat ng iyon sa Sodoma may dalawang ministrong nangangaral doon na may dakilang mensahe.

87 May Isang umupong kasama ng grupo ni Abraham na hindi nakipaglokohan sa lupong iyon sa ibaba. Ngayon, masdan, ang ngalan niya ay Abraham ilang araw pa lang bago ang pangyayaring iyan; at S-a-r-r-a, hindi Sa-r-a-h (prinsesa). At ang lalaking ito na nakatalikod sa tolda . . .

Ang mga babae noon ay iba kaysa sa ngayon. Ngayon ay kailangan nilang maglabas-masok sa usapin ng kanilang asawang lalaki at lahat na, alam n'yo na; ngunit hindi nila iyon ginagawa noon; nananatili sila sa likuran.

Kaya sila'y . . . Kaya't ang mga anghel na nakaupo roon, ang Mensahero, ay nagsabi, "Abraham, nasaan ang iyong asawang si (S-a-r-a-h) Sarah?" Papaano Niya ito nagawang malaman? Papaano Niya itong nalaman? 245 Ang sabi ni Abraham, "Siya ay nasa loob ng tolda sa Iyong likuran."

Aniya, "Dadakawub kita ayon sa panahong ipinangako Ko sa iyo. Dadalawin kita." At palihin na natawa si Sara.

88 Habang Siya ay nakatalikod sa tolda ay sinabi Niya, "Bakit tumawa si Sara, na nagsasabing, 'Papaanong mangyayari ang mga bagay na ito?" Kung wala lang siya kay Abraham, bilang nobya niya nung sandaling iyon, pinaslang na sana siya ng Diyos. Gayundin naman tayo sa ating di pananampalataya, kung wala tayo kay Cristo. Iyan ang humahawak sa atin. Kita n'yo? Hindi Niya magawang saktan o kunin si Sara nang hindi nasasaktan si Abraham. Kita n'yo?

At alalahanin, ang sabi ni Jesus, "Kung paano ang mga kaarawan ng Sodoma, ay magkakagayon din sa pagdating ng Anak ng tao." Nakikita nating nagkakasundo ang bawat isa na ang sanlibutan ay nasa kundisyon na na tulad sa Sodoma. Dumampot ako ng isang diaryo ng Los Angeles hindi pa katagalan, at ayon dito, sa wari ko'y "Dumarami ang mga homosekswal ng dalawampu o tatlumpung porsyento sa Los Angeles, taon-taon gano'n ang pagdami." Isa itong . . . Oh, kahindik-hindik ito. sa ating pamahalaan at sa lahat ng dako, ang lahat ay pawang naging baluktot na. Tama. Ang kabuuan nito, ang buong sistema, ang simbahan ang lahat na ay baluktot na. Isa itong baluktot na panahon.

89 Ngayon, nais kong tanungin kayong mga teologo, mga kapatid ko. Hindi sa nagsasalita ako ng laban sa inyo, aking mahal na kapatid; narito ako upang tumulong sa inyo, kapatid. Narito ako upang manindigan sa kung anong sinasabi ng Salita ng Diyos na tama, makipagkapit-kamay sa inyo, at ilabas ang mga taong ito sa bagay na ito. Tama.

Ngunit tignan n'yo, hindi pa tayo nagkaroon ng isang mensahero sa Sodoma na ang pangalan ay nagtatapos sa h-a-m kundi ngayon lamang. Nagkaroon na tayo ng Spurgeon, ng Wesley, ng Luther, at lahat ng iba pa, ngunit kailanma'y wala pang pandaigdigang mensaherong lumitaw na ang pangalan ay nagtatapos sa h-a-m sa mga lumipas na panahon. Iya'y tama! Kita n'yo? G-r-a-h-a-m, anim na titik, Billy Graham, ang bantog na ebanghelistang iyon, dakilang gawa ng Diyos, ang lalaking iyon ay isinugo ng

Diyos. Plantiyadong-plantiyado niya ang aral ng pag-aaring ganap at inuuga niya ang bansa sa pamamagitan nito (Kita n'yo?), ganiyan. Walang . . .

Tignan n'yo si Oral Roberts ng denominasyong Pentecostal. Kailan ba nagkaroon ng sinumang tulad niya?

Anim na titik, hindi pito. Si Abraham ay A-b-r-a-h-a-m, pito. Si Billy Graham ay G-r-a-h-a-m, anim.

Ngayon, tignan n'yo ang mga mensahero. Tignan n'yo ang panahon na kinaroroonan natin, kailan ma'y hindi pa ito naganap sa kasaysayan. Tignan ang mga katulad na tanda na ipingako Niyang ibibigay sa bawat lupon. Tignan kung nasaan sila: magkaparehas, tugmang-tugma ang posisyon, tamang-tama ang pagkakaayos. Ang kalikasan, ang sanlibutan, ang lahat ay nakaayos nang tugmang-tugma sa panahon.

90 Ngayon, huwag na hindi n'yo ito makuha, habang isinasalarawan natin ang iba pang bahagi ng Kasulatan. Mamadaliin na natin, dahil labis ko na kayong pinaghihintay nang matagal. Tinawag . . . Tignan n'yo. Ayon sa propeta, dumating siya nang ayon na ayon sa Salita, tamang-tama sa panahon.

Ngayon, tignan n'yo ang panahon na kinabubuhayan natin. Hindi ba't nabubuhay na tayo sa panahong iyo ng Sodoma? Masdan n'yo ang Mensahero sa grupo ni Abraham. Masdan n'yo ang mga bilang, ang mga letra, at ang bilang ng kaniyang pangalan. Sasabihin mo, "Walang anuman sa pangalan." Huwag na huwag n'yong hayaang sabihin iyan sa inyo ninuman. Bakit Niya binago ang pangalan ni Abram at ginawang Abraham, ang Sara ay ginawang Sarah? Bakit Niya ginawang Pedro ang Simon, at lahat ng iba pang mga iyon? Kita n'yo? Tiyak ngang may kung ano roon. Tama nga.

91 Iyan ang dahilan sinasabin kong huwag na huwag n'yong tatawaging "Ricky", o "Elvis" ang inyong anak, o ng anumang tulad no'n. Ang ibig sabihin ng "Elvis" ay "pusa", ang "Ricky" ay "daga." Kita n'yo? Kapag sinasabi n'yong . . . Tama nga iyon. Kaya't anu't anoman, huwag na huwag n'yong tatawagin nang ganiyan ang isa man sa mga anak n'yo. Kung gayon ang pangalan niya, palitan n'yo na kaagad. Huwag na huwag n'yong . . . Inyon lamang . . . Kung pinaniniwalaan n'yo ako bilang lingkod ng Diyos, huwag n'yo ikabit ang pangalang iyan sa abang batang iyon. Kita n'yo? Huwag po, bigyan n'yo na lang siya ng ibang pangalang liban diyan. Naku. Dapat sana'y hindi ako lumihis diyan, dahil nawal ako sa aking paksa, ngunit nasabi ko na, at tapos na iyon. Ako'y . . . Ganiyan talaga, hindi mo alam kung kailan mo ito mababanggit. Kita n'yo?

92 Tinawag nila Siyang, "Dayo, isang manghuhula, isang demonyo, isang Beelzebub," at ang sabi pa nila, "Ginagawa Niyang Diyos ang Kaniyang Sarili." Ay, naku.

Hindi ba't sinabi ni Isaias na propeta na tatawagin Siyang ang Makapangyarihang Diyos? Isaias 9:6, "Sapagkat sa atin ay ipinanganak ang isang Bata, sa atin ay ibinigay ang isang Anak na lalaki; at ang pamamahala ay maiaatang sa Kaniyang balikat: at ang Kaniyang pangalan ay tatawaging Kamangha-mangha, Tagapayo, Prinsipe ng Kapayapaan, Makapangyarihang Diyos, Walang Hanggang Ama." Tama. Gayundin sa San Juan 1:1, "Nang pasimula ay ang Salita, at ang Salita ay sumasa Diyos, at ang Salita ay Diyos. At ang Salita ay nagkatawang tao at nanahan sa ating kalagitnaan." Naniniwala ba kayo ro'n? Hindi lang Siya . . . Isa Siyang propeta, ngunit higit Siya sa isang propeta; Siya ang Diyos-na-propeta. Bakit Niya kinailangang dumating?

93 Tandaan, Siya ay darating sa tatlong ngalan ng anak. Una Siyang pumarito sa ngalan ng Anak ng tao. Kailan man ay hindi Niya tinawag ang Kaniyang Sarili na "Anak ng Diyos. Alam n'yo iyan. Kita n'yo? Dumating Siya bilang Anak ng tao, isang propeta; si Jehovah Mismo, ang Ama ay tinawag si Jeremias na, "anak ng tao"; ang isang propeta ay isang anak ng tao. Dumating Siya . . .

Ngayon, dumating Siya pagkalipas ng Araw ng Pentecostes, bumalik Siya sa anyo ng Espiritu Santo, supernatural na Espiritu. Ngayon, Siya'y Anak ng Diyos. 261 Sa Milenlyum Siya'y magiging Anak ni David, nakaluklok sa trono ni David. Kita n'yo? Dumating Siya . . . Siya'y Anak ng Diyos, Anak ng tao, Anak ni David.

94 Oh, ang Biblia ay puno ng ganitong mga ginintuang mga kaisipan. Hindi natin makukuha ang lahat ng mga ito sa loob ng isang gabi. Ngunit angkop lang na isingit ko ito ngayon. Marahil ay hindi na sumilay ang bukas. Maaaring mawala na tayo bago pa ang bukas. Marahil ay nangangaral ako sa isang taong mamatay na bago pa mag-umaga. Maaaring mawala na ako bago pa mag-umaga. Kapatid na lalaki at babae, hindi iyan kathang-isip lamang; iya'y aktuwal na mga katotohanan. Hindi natin alam kung anong oras tayo lilisan. Hindi ka na magkakaroon ng anumang pagkakataon matapos na lisanin ng huling hiningang iyon ang iyong katawan. Magtuwid ka na ngayon; huwag ka nang maghintay ng kinaumagahan, maaaring maging huli na iyon.

95 Ngayon ay pansinin n'yo, ginawa nila sa Kaniya kung anong sinabi ng mga propetang gagawin nila, tulad din naman ng ginagawa nila hanggang sa araw na ito sa Kapanahunan ng Laodicea. Kung gusto ninyo itong Makita, basahin ang Apocapipsis 3: "Bulag, hubad, at hindi nila nalalaman na gayon sila.

Ginagawa si Cristong . . .” Kapag nagpasimula na Siyang magpahayag ng Kaniyang Sarili pabalik sa anyong binhi, Siya ring ibinaon sa lupa ay nagbalik upang maging Nobya; kung papaanong ang Nobya at ang Nobyo ay iisang laman at dugo, may iisang ministeryo, parehong mga bagay, gumagawa ng katulad na katulad ng ginawa Niya; ang Espiritu . . . 264 At heto't ginagaya nila at ginagawa lahat ng iba pa, at ang bawat isa ay may aklat at nagtatakbuhan, at ganito. At, oh, hindi ka pa nakarinig ng gayong mga sensasyon, “Nakaamoy ako ng demonyo, at lahat ng ganito, ganiyan, sadyang wala sa Kasulatan.

96 Ang ang tunay na bagay ay nakatambad doon sa harapan nila, nilalayuan nila, “Hindi sila kabilang sa aking organisasyon, ang a—aking . . . ? . . .” Kita n'yo? Bulag na umaakay ng kapuwa bulag, hindi ba't kapuwa sila mahuhulog sa hukay? Binulag ng mga tradisyong makadenominasyon ng tao, pinalabas nila Siya sa kanilang simbahan tulad ng sinabi ng Diyos na gagawin nila sa Apocalipsis 3; tulad ng dati, ayon sa naihula . . .

Pansinin kung papaanong ipinakilala ni Jesus ang Kaniyang Sarili sa mga alagad na ito, at pagkatapos ay magtatapos na tayo. Ang dalawang alagad na ito, si Caifas—o si Cleofe pala at ang kaniyang kaibigan. Ngayon, tayo'y nasa pagkabuhay na muli na, ang umaga ng pagkabuhay, ng unang pagkabuhay; napakagandang umaga; nagbangon si Jesus mula sa mga patay at nabubuhay sa kalagitnaan ng Kaniyang bayan. Napakagandang kaisipan.

Narito Siya sa araw na ito tulad din nung araw na iyon, sapagkat Siya'y hindi nagbabago kahapon, ngayon, at magpakai . . . At inihahayag Niya ang Kaniyang Sarili nang higit kaysa sa ginawa Niya sa alin mang panahon; dumaan na ito sa trigo at sa uhay at sa ipa (nakalipas na ang lahat ng iyon), nasa trigo na itong muli. Kita n'yo? Nakabalik na tayo sa butil.

97 Kilala bilang . . . kilala . . . Masdan kung papaano Niyang ipinakilala ang Kaniyang Sarili sa mga taong ito. Ngayon, alalahanin, bilang Mesias nila (bago tayo magtapos) ng ipingakong Salita ng panahon . . . Pansinin. Nagpakita Siya sa—tulad ng sinabi Niyang gagawin Niya sa mga propeta.

pansinin, “Mga haling, at makukupad ang pusong sumampalatayang ang lahat ng isinulat ng mga propeta tungkol sa Kaniya ay kinakailangang matupad.”

Masdan n'yo Siya. Tumukoy Siya pabalik sa Salita ng Diyos; hindi Niya tahasang sinabi sa kanila, “Hindi n'yo ba Ako nakikilala? Ako ang Mesias na nabuhay na muli.” Hindi Niya iyon sinabi. Kita n'yo? Basta't ibinigay Niya sa kanila ang Kasulatan, tulad ng ginawa ni Juan at ng iba pa sa kanila. Kita n'yo? Kaniya lamang . . . Kinailangang sila mismo ang makasapo no'n. Kinakailangan nilang humatol sa kanilang sarili. Ngayon, huwag kayong matulog; kayo ang humatol.

“Mga haling, at makukupad ang mga pusong magsisampalataya ang lahat ng sinabi ng mga propeta ay kinakailangang matupad.” Anong saway ito sa kanilang nag-aangkin na kilala nila Siya. Kita n'yo?

98 Pansinin kung papaano Niyang sinimulang talakayin ang paksang iyon. Hindi Siya kara-karakang lumantad, tulad ng sinabi ko kani-kanina lamang, at nagsabi, “Buweno, hindi n'yo ba nalalamang Ako ang inyong Mesias para sa panahong ito? Hindi n'yo ba nalalaman na Ako Siya?” Ang tunay na lingkod ng Diyos ay hindi nagpapakilala nang ganiyan; ang Kasulatan ang nagpapakilala kung sino siya. Tiyak nga, gayon ang gagawin niya. Kita n'yo? Ngunit pinukaw Niya ang pansin nila sa kung anong sinabi ng mga propetang dapat nilang abangan sa panahon ng Mesias. Nakikiat n'yo na ba? Balikan n'yo kaagad: “Mga haling, at makukupad ang mga pusong magsisampalatayang lahat ng sinabi ng mga propeta tungkol sa Mesias ay kailangang matupad.”

Siya, katulad ni Juan, hinayaan Niyang ang Salita ng Biblia ang magpakilala sa Kaniya, kung ano ba Siya sa kanila. Dapat ay naging malinaw na iyon sa kanila. Kung naipakilala Siya ng Salita, dapat malinaw na kung sino ang pangakong inaabangan nila. Alam nilang kinakailangan niyang . . . May isang dapat na dumating sa tagpo sa panahong iyon.

Aba, maaari Niyang sabihin, “Ngayon, hayaan n'yong ipakita Ko sa inyo kung anong sinasabi ng Salita na dapat na maganap sa araw na ito.”

Juan5:39

99 Hindi ba't sinisikap kong sabihin sa inyo ngayong gabi, Salita sa Salita, maging sa posisyon, sa lugar, sa mga pangalan at mga bilang, lahat na, at lahat ng mga tanda, at lahat na, na tayo ay nasa huling panahon na? Tiyak na nakikita n'yo kung anong sinasabi ko. Kita n'yo? Tignan n'yo. Napakaliwanag nito na hindi na nito kailangan pa nang patunay. Ang sabi Niya, nang narito Siya sa ibabaw ng lupa, “Saliksikin n'yo ang mga Kasulatan, sa mga ito ay iniisip n'yong mayroon kayong Buhay na Walang Hanggan, ang mga Ito ang .

. . Ang mga Ito ang nagpapatotoo kung sino Ako (Kita n'yo?), Kung Sino Ako.“

Pansinin n'yo, nagsimula Siya kay Moises na propeta, isang propeta, Deuteronomio 18:15. ngayon,

minamasdan ko ang mga Kasulatan dito. Deuteronomio 18:15, ang sabi ni Moises, "Ang Panginoon n'yong Diyos . . ."

Kita n'yo? Nangusap ang Diyos sa kaniya sa tuktok ng bundok. At, ay, naku, ang pagkulog; ang sabi nila, "Hayaan—hayaan mo ang Panginoon . . . Hayaan Mo na lang na si Moises ang magsalita, huwag ang Diyos, baka kami ay mangamatay."

Ang sabi Niya, "Mabuti ang sabi nila. Ako'y . . . Hindi na Ako mangungusap sa kanila nang ganito, kundi magpapalitaw Ako ng isang propeta para sa kanila." Iyan ang naging mensahe Niya sa buong panahong nagdaan. Iyan ang magsasaayos ng lahat sa huli. Sadyang kinakailangan magkaganito, sapagkat ang Salita ng Panginoon ay kinakailangang dumating sa propeta. Iyon ang tanging maaaring datnan Nito. Kung hindi, sisirain nito ang Salita ng Diyos at palalabasing nagsabi Siya ng isang bagay na mali. Kita n'yo? Nagtutungo Ito sa isang propeta. At ang propeta ay sugo ng Diyos, itinalaga. At papaano mo ito malalaman, hindi sa kung anong sinabi ng tao, . . .

100 Nagkaroon na tayo ng mga Elias, at mga balabal, at lahat na, ang mga mantel, at lahat ng uri ng walang kabuluhang bagay na humantong sa organisasyonismo at lahat na.

Ngunit may darating sa ibabaw ng mundong ito, sa pamamagitan ng pangako ng Diyos, na isang tunay na lingkod ng Diyos, na ipakikilala ng Diyos, ng Kaniyang Salita bilang katugunan sa araw na ito, na magsasaayos sa Nobya (isang tunay na maliit ng minoridad ng iglesia) at ito ay iaangat. Tama. Kaniyang ipakikilala, "Narito, hayan Yaong sinasabi Ko (Kita n'yo?), na darating." 280 At lahat ng mga sinabi ng mga propeta tungkol sa Kaniya, at para sa panahong ito, aba, tunay ngang napakainteresanteng marinig Siyang nagsasabi niyan. Hindi n'yo ba gustong marinig Siyang nagsasabi no'n?" Lahat ng sinabi ng mga propeta tungkol sa . . ." Alalahanin, sinabi Niya kung anong sinabi ng mga propeta tungkol sa Kaniyang Sarili, na sinisipi ang Kaniyang Sarili, kung anong sinabi Niya, at Siya ang Salita na sumisipi.

101 Ngayon, pakinggan natin ang mga Salitang sinipi Niya. Nais n'yo bang marinig kung anong sinabi Niya sa kanila? Ating ngang ipagpatuloy ang paguusap na iyon, bago tayo huminto. 282 Ngayon, sila ay nasabihan na tungkol sa mga huling pangyayari sa pagkapako sa krus, tungkol sa kuwento sa libingan at sa puntod, at sa mga babaeng nakakita sa Kaniya, at may iba pang nagsabing nakita nila Siya, at iba pa. Ang sabi Niya . . . Sinalaysay nila sa Kaniya ang tungkol do'n. At pagdaka'y nagtungo Siya sa Salita tungkol sa—sinipi Niya ang Kaniyang Sarili sa kabuuan ng Salita. "Ngayon, tignan n'yo sa Zacarias 12." (Malamang ang sinipi niya ay ang Zacarias 11:12.) "Sapagkat Siya ay ipinagbili ng tatlumpung pirasong pilak. Hindi ba't ang Mesias ay dapat na maipagbili ng tatlumpung piraso ng pilak? "Sa Mga Awit 41:9, Siya ay ipinagkanulo ng Kaniyang mga kaibigan." Tungkol sa "Zacarias 13:7, iniwan ng Kaniyang mga alagad." "Sa Mga Awit 35:11, Siya ay pinaratangan ng mga bulaang saksi." "Sa Isaias 35:7, nagmistula Siyang pipi sa harap ng mga nagpaparatang sa Kaniya, hindi Niya ibinuka ang Kaniyang bibig." (Siya nga po.) "Isaias 50:6, Siya ay hinaplit ng latigo." "Mga Awit 22—22, tumangis Siya sa krus, 'Diyos Ko, Diyos Ko, bakit Mo Ako pinabayaan? Lahat ng Aking buto ay nagsititig sa Akin. Binutas nila ang Aking mga kamay at paa." (Tignan n'yo ang mga hulang ipinapangusap Niya.) "Isaias 9:6, Sa ating ay ipinagkaloob ang isang bata, isang birhen ang maglilihi, at iba pa." "At gano'n din sa Mga Awit 22:18, ka—ka—kanilang pinaghati-hatian ang Kaniyang damit." "Sa Isaias 7:14, isang birhen ang maglilihi." "Mga Awit 22:7 at 8, ginawa Siyang isang . . . nilait Siya ng Kaniyang kaaway, dapat sana'y kaibigan Niya sila, ang Kaniyang mga kaaway, ang iglesia." "Muli sa Mga Awit 22, Siya ay . . . Walang isa mang buto ang mababali, ngunit tinusok nila ang Kaniyang mga kamay at Kaniyang mga paa." "Isaias 53:12, namatay Siyang kasama ng mga tampalasan." "Sa Isaias 53:9, binugbog Siya at inilibing kasama ng mga mayayamang kapatid." "Sa Mga Awit 16:10, Siya'y nabuhay mula sa mga patay. Sinabi ito ni David, 'Hindi Ko hahayaang mabulok ang Aking Banal, at hindi Ko iiwan ang Kaniyang kaluluwa sa Hades.' Siya'y babangon mula sa mga patay." "Malakias 3, si Juan Bautista ang maghahanda ng Kaniyang daan."

At lahat ng pagtitipo marahil ay isinalaysay Niya! Maging ang tungkol kay Isaac na katipo Niya sa ibabaw ng bundok—sa ibabaw ng bundok kung saan siya dinala ng kaniyang amang si Abraham, sa Genesis 22.

102 Ngayon ay napasimulan nilang maunawaan kung Sino ang tumupad ng mga Kasulatang ito na naipangako para sa araw na iyon. Sa pagkakataong iyon, nang maggabi na; nagsimula nilang maunawaan. "Oh, buweno, sandali lang. Alam n'yo ba? Noon ay napagtanto nilang ang Kaibigan nilang si Jesus na napako sa krus ay ang Propetang ipinangako. Nalaman nila dahil . . . Kita n'yo? Hindi sila napaliwanagan tungkol sa mga Kasulatan. 285 Ngunit, heto, lahat ng mga bagay na ito na dapat na mangyari sa krus, lahat ng mga bagay na ito. "Mga haling, makukupad ang puso upang maunawaan lahat ng sinabi ng mga propeta, kung papaanong magdurusa ang Mesias, at maluluwalahti, at magbabangon sa ikatlong araw."

Nagpatuloy sila, "Oh, oo nga. Tama. Nauunawaan ko na. Si—Si—Siya'y . . . Hindi ba't nag-alab ang ating mga puso sa ating kalooban?" ang wika nila. Di kataka-takang nag-alab ang kanilang mga puso. Ang mga propesiyang ibinigay Niya na natupad . . .

103 Nang magkagayo'y nagsimula nilang maintidihang ang kanilang Kaibigan, ang Lalaking nakasalo nila sa pagkain, nakausap, nakasama, nakasama nilang mangisda, humiga sa kagubatan, ay tumupad sa bawat Salita ng ipinagakong panahon. Hayun na nga. Naglakad sila ng anim na milya; tila sandali lang iyon, sa wari ko, ngunit nakapakinig sila ng anim na oras na sermon tungkol sa bindikadong propesiya (mas mahaba nang kaunti sa narinig natin ngayong gabi).

Palalim na ang gabi noon, ang mga panggabing Ilaw ay dumating na. Gano'n din ang oras natin ngayon, iglesia. Ang mga panggabing Ilaw ay dumating na. Hebreo 13:8, "Siya'y gayon pa rin kahapon, ngayon, at magpakailan man." Oh, mga kaganapang pinaglinaw ng mga propesiya, gano'n ngayon. Ang panggabing Liwanag na ipinangako ng propeta ng Diyos sa Zacarias 14:7, mabukasan nawa muli nito ang mga mata ng mga tunay na mananmpalataya sa mga kaganapang nagaganap sa araw na ito, na pinatunayan ng mga propesiyang nasa huling panahon na tayo. Si Jesus ay parating na. ang pinaka . . . ? . . .

104 Ang sabi N'ya, "Magkakaron ng isang araw..."[patlang sa tape.]

Mahal naming Makalangit na Ama, Pinasasalamatan ka namin sa pagtugon ng aming mga panalangin. Itong abang babaeng nakahandusay doon, na kung saan ang surgery ay hindi tagumpay. Ngunit O Diyos, Naalala namin na ang unang operasyon na ginawa dito sa lupa. Ikaw mismo ang gumawa. Kinuha mo sa tagiliran ni Adan, ang tadyang, isinara Mo ang sugat at gumawa ng kanyang asawa. O Ama, Akoy nananalangin na ang Iyong kamay ay bumaba ngayon upang gawin ang dakilang bagay na aming hinihiling. At sa mga iba pa. Panginoon, itong babae na dumaranas ng paghihirap sa isip, lahat ng may mga kahilingan, amin itong inaasa Sayo, Ama, sa kaibuturan ng aming puso. Sa Pangalan ni Jesus Kristo. Amen.

Ang sabi Niya, "Magkakaroon ng isang araw na hindi matatawag na gabi o araw." Ang sabi Niya, "Ngunit sa panahon ng gabi ay magliliwanag." Ngayon, alam natin, sa geograpiya ang araw ay sumisikat sa silangan at lumulubog sa kanluran. Ngayon, ang sabi ng propeta, "Magkakaroon ng isang mahabang panahon na magiging makulimlim, tipong hindi matawag na araw o gabi; medyo madilim, makulimlim na araw."

Ngayon, saan sumikat ang araw? Anong . . . Ang S-o-n ang pinag-uusapan natin ngayon. Na ang natural na s-o-n na sumisikat sa silangan at lumulubog sa kanluran, ay iisang Diyos, ay iisang sun, pala. At ang S-o-n ng Diyos ay unang sumikat sa silangan at sa mga tao sa silangan.

At ngayon matapos Niyang umalis, anong ginawa nila? Pagkatapos ng tatlong daang taon nagpasimula sila ng kanilang unang organisasyon, ang simbahang Romano Catolico. Dumaan sila sa madilim na panahon, at pagkatapos ay lumabas sila. Anong ginawa nila? Gayon din; naging isa itong araw ng—hindi ito matawag na araw o gabi. Nagkaroon sila ng sapat na utos na naniwala silang Siya ay Anak ng Diyos, at lumakad sila sa liwanag na nakamit nila; nagtatag sila ng kanilang mga simbahan, at nagtayo ng mga ospital, at mga idkuwelahan at iba pa, at mga seminaryo, at pinag-aral nila ang kanilang mga anak.

105 Ngunit ang sabi ng propeta, "Magkakaroon muli ng Liwanag sa bandang gabi. Ang Son ay sisilip muli; magliliwanag." Ano? Ang Anak ding iyon (S-on) na naihayag sa laman nung umaga sa nagdaang panahon, ay mahahayag muli sa panahon ng gabi.

Ngayon, ikumpara nating ang San Lucas 17:30, "At sa araw na iyon, tulad ng mga kaarawan ng Sodoma (ang kaayusan ng sanlibutan), sa panahong ang Anak ng tao ay naihahayag." It shall be Light about the evening time, The way to Glory you will surely find. Oh, my, people, where are we at? Nations are breaking, Israel's awak'ning, The signs that the prophets foretold; The Gentile days numbered, With horrors encumbered; (Masdan n'yo kung papaano siyang dadausdos sa karagatan.) Return, O dispersed, to your own. The day of redemption is near, Man's hearts are failing for fear; Be filled with the Spirit, Have your lamps trimmed and clear,

Look up! Your redemption is near. (Kayo...?...)

Bother, sister, isa itong nakatatakot na panahon. Manmanan n'yo ang mga bagay na naihula; masdan n'yong nagaganap ang mga bagay na ito. Masdan n'yo ang lahat ng mga hula na natutupad; kung gayon ay makikita natin kung ano bang ibig sabihin ng mga bagay na ito. Hindi ito isang bungkos, isang bahid ng panatisismo. Ganap na pinagtitibay ng Diyos ang Kaniyang mga Salita. Ang Bato ay hinampas, mga kaibigan, magsitakbo kayo Roon nang buong tulin. Binibindika ng propesiya ang araw na kinabubuhayan natin.

106 Magsiyuko tayo. [May dumating na pagsasalita ng wika at pagpapaliwanag. May nagsabing, "Maaari bang magsitahimik sandali sumandali? Ang Diyos ay nangusap sa atin sa pamamagitan ni Brother Branham, at ang pagkapahid ay na kay Brother Branham, at hindi pa siya natatapos."—Ed.]

Ay, naku. Napagtatanto n'yo ba ang araw na kinabubuhayan natin, mga kaibigan? Mangangahas ba

kayong salungatin ang Diyos? Masasabi n'yo bang hindi Siya tama, samantalang pinatunayan Niya Iyon? Siya ang Tagapagpaliwanag ng Kaniyang Sarili. Nais n'yo bang paglingkuran Siya?

Ngayon, habang nakayuko kayo, at gayundin ang inyong mga puso, brother, sister . . . Maaaring ito ang huling pagtatagpo natin. Maaaring hindi na tayo . . . Kung makakabalik ako matapos ang isang taon mula sa araw na ito, kung mabubuhay pa ako, marami sa mga naririto ngayon ang mawawala na pagdating no'n. At kakailanganin ko kayong katagpuin sa dako ng paghuhukom at pananagutan ko ang lahat ng sinabi ko sa inyo ngayong gabi.

107 Sa harap ng Diyos, habang kayo ay nasa tamang pag-iisip n'yo, maaari bang gawin n'yo ngayon ang ganito sa Diyos? Kung alam n'yong kayo'y . . . Tignan n'yo lang ang inyong sarili sa Salamin ng Diyos, sa Biblia, maging sino ka man, at sabihin mo, "Alam kong kapus na kapos ako sa pagiging anak na babae ng Diyos; tignan Mo ang aking gawi. Kapus na kapos ako sa pagiging isang anak na lalaki ng Diyos; tignan Mo ang aking gawi. Ngunit, Diyos, nais kong maging gayon; nais kong magsikap na makarating sa lugar na iyon." Nais kong itaas n'yo ang inyong kamay sa Diyos, maging sino ka man, saan ka man naroroon sa gusaling ito, "Opo, nais kong maging anak na lalaki ng Diyos. Nais kong maging isang anak na babae ng Diyos. Nais kong tuparin lahat ng pinag-utos ng Aking Panginoon." Ngayon, ikay . . . Pagpalain ka ng Diyos. Sa wari ko'y nobenta porsyento ng mga tagapakinig. 301 Ngayon, tumingin ka rito, kaibigan. Ano kaya kung nabuhay ka sa panahon kung kailan ay narinig mong mangaral si Juan? Ano kaya kung nabuhay ka sa panahong naririto si Jesus? Kanino kaya kayo papanig? Kung nabuhay kayo sa panahon ni Jesus . . . Alalahanin, kung Siya'y . . . Kung nabuhay ka noon, magiging tulad din iyon ng ngayon. Iisang Jesus ang nagpapakilala ng Kaniyang Sarili sa pamamagitan ng Kaniyang Salita (Kita n'yo?), at totoong hindi Ito katanggap-tanggap.

108 Ngunit hayaan n'yong sabihin ko sa inyo, hindi sinasabi sa mga taong iwanan ang kanilang simbahan o kaya'y . . . Naku, nais kong magtungo kayo sa simbahan, "Huwag n'yong pababayaan ang inyong pagtitipon." Ngunit ang sinasabi ko sa inyo ay ang magtumulin kayo sa pagpasok sa Kaharian ng Diyos. Alisin n'yo ang mga bagay na ito, ang sanlibutan, ang simbahan . . .

Kayong mga Pentecostal, kayo ay nagiging masyado nang makamundo. Masyado na kayong natutulad sa sanlibutan. Madali lang iyon; magpatuloy lang kayong manood ng telebisyon at lahat ng mga bagay na ito, at sumunod sa kanilang gawi, at lahat ng ito, at mamamalayan n'yo na lang . . . Ang mga seminario, ang mga iskuwelahan ay nagsisimlula ng magkompromiso dito at doon, at sa ganito, sa gano'n, at iba pa, at mamalayan n'yo na lang na . . . Kinakailangang magkagayon. Ang inglesiang Pentecostal, ito ang sumuporta sa akin nang pinakamalaki; wala akong masabi laban dito. Ngunit iyan ang aking panawagan, "Mga kapatid ko, magsilabas kayo." Nananawagan . . . Wala na kayong mga pagtitipong tulad ng dati. Hindi na tulad ng dati ang mga tao. Ngunit si Jesus Cristo ay di nagbabago; pumasok tayo sa Kaniya.

109 Ngayon, kayo, habang nakataas ang inyong mga kamay, alalahanin, may Batong hinampas sa ilang, at ang bukal na iyon bukas pa rin hanggang ngayong gabi. Ang Bato ay hinampas, si Cristo, Siya ang hinampas na Bato. 305 At ngayong gabi, sa abot ng aking nalalaman, ang iglesia ay maaaring . . . Ang oras ng pagtawag ay maaaring lumipas na; hindi ko alam; hindi ko masabi iyan. Alalahanin, ang mga tao ay nagpatuloy sa pagdadaos ng mga Gawain, tulad ng dati, matapos ang pagkapako sa krus ni Jesus. At ang . . . At ang lahat ng mga tao, sila'y—magsisidulog sila, sila'y . . . Masdan n'yo. Si— Sila'y magpapatuloy sa pangangaral at pagsasabing sila'y naliligtas at lahat na, na tila ba . . . "Ang mundo ay magpapatuloy tulad ng dati," wika nila. Ngunit magiging huli na ang lahat sa kanila.

110 Habang may pagkakataon ka, kapatid kong lalaki; habang may pagkakataon ka, kapatid kong babae; pumasok ka sa Kaharian ng Diyos. Hindi mo kailangang pumasok sa silong ng anumang bagay kundi sa payak na pananampalataya sa Kaniyang Salita. Siya ang Salitang iyon. "Panginoong Jesus, alam kong nakatingin ako sa sarili ko ngayon sa salamin ng Salita ng Diyos; oh, kapus na kapos ako. Nguni, mahal na Diyos, dito ngayong gabi, sa Lunes ng gabing ito, dito sa San Bernardino, California, sa auditorium na ito, ito lang ang mayroon ako, Panginoon, ngunit ibinibigay ko ito sa Iyo. Maaari bang tanggapin Mo ako ayon sa kalagayan ko, Panginoon? Maaari bang patakbuhin mo ako nang matulin sa krus? Nakikita ko ang mga mensahero. Nakikita ko ang oras; nakikita ko ang pagtawag palabas ng Sodoma. Nakikita ko ang mga tanda. Nakikita kong natatanggap ng grupo ni Abraham ang Liwanag. Nakikita ko ang manipestasyon, muling naipapamalas si Jesus sa ating kalagitnaan tulad nung dati. Nakikita ko ang lahat ng mga bagay na ipinangako Mo. nakikita ko ang mga manggagaya; nakikita kong sinabi Mo iyon, 'Tulad sa mga kaarawan ni Moises, kung papaanong ang mga Jambres at Janes ay magsisibalik upang manggaya, at mananatili pa rin sa dating basurahan na kinaroroonan nila."

111 Hindi nila kayang sundan si Moises sa Salitang iyon upang dalhin ang mga anak mula doon patungo sa ilang, sapagkat sila ay nakakabit sa Egipto. Hindi nila iyon magawa, bagama't nakagawa sila ng parehong gawa na nagawa niya. Ngunit ang kanilang kahangalan ay nalantad. Ang sabi ng Biblia, iyan ay ITO ANG SABI NG PANGINOON, magaganap itong muli sa huling araw. 308 At nakikita n'yo ito sa inyong mga mata, kung kayo'y espirituwal. Ako'y . . . Hindi ko ito maipaliwanag. Hindi ko ito kailangang

ipaliwanag. "Naririnig ng Aking mga tupa ang Aking Tinig." Magtungo na tayo ngayon sa Kaniya, habang may pagkakataon pa tayo. Gagawin n'yo ba iyon?

112 Kung nangangailangan kayo ng bautismo ng Espiritu Santo, kung nangangailangan kayo ng muling pagtatalaga, ng isang bagong buhay . . . Hindi kayo hahamakin ng inyong pastor; mamahalin niya kayo dahil dito. Ipagkaloob n'yo nang lubusan ang inyong sarili sa Diyos ngayong gabi, habang naririto tayo. Hayaan n'yong . . . Ito'y . . . Alam kong naging matigas, nakasusugat, kakatuwa ang pangangaral; hindi ko ginagawa iyon upang magign malupit; ginagawa ko iyon upang maging tapat. Ginagawa ko iyon dahil mahal ko kayo; mahal ko ang Diyos, at ginagawa ko ito upang matulungan kayo. At tunay nga, kaibigan, na—na—naniniwala akong . . . At nang buong puso ko, nang buong pananampalataya ko, naniniwala akong ang mensahe ko ay galing sa Diyos. Napatunayan ito sa inyo sa loob ng maraming taon.

Ngayon, makinig kayo, ngayong gabi isuko n'yo lahat ng nasa inyo, lahat ng pangangailangan n'yo. Naniniwala ako nang may isang tunay na nakasukong puso, kung nais n'yong tumayo, at itaas ang inyong mga kamay sa Diyos, at magsabing, "Mahal na Diyos, narito ako. Kunin Mo po ako, Panginoon. Hindi ko na muling susubukang gamitin ang sarili kong pag-iisip at sarili kong pagpapaliwanag. Sinasabi ng Iyong Salitang kailangan kong magpakabanal; dapat akong isilang na muli; dapat akong mapuspos ng Espiritu; at gagabayan ako ng Espiritu sa buong katotohanan. Mahal na Diyos, narito ako; gabayan Mo po ako." Gagawin n'yo ba ang gayon? Kung gagawin n'yo ang gayon, itaas n'yo ang inyong kamay, at sabihin, "Handa akong gawin iyan; handa ako."

113 Kung gayon magsitayo tayo.

Just as I am, without one plea, But that Thy Blood was shed for me, And that Thou bids me come to Thee, O Lamb of God, (Ang tanging pintuan ng Diyos)... come! I... (Ngayon, kunin n'yo lahat ng inyong trabaho, lahat ng iba pa, ang inyong kapaguran, lahat na . . . Ano kaya kung naghihingalo kayo ngayon?) Just as I am, Thou wilt receive, Will welcome, pardon, cleanse, receive; Because I... (Itataas n'yo ba ang inyong kamay sa talatang ito ngayon?)... Ipinapangako kong sasampalataya ako. O Lamb of God, I come. I come. 313 Ngayon, habang nagpapatuloy sa pagtugtog ang organista, hayaan nating ang bawat isa sa atin na . . .

114 Mga kabataan, nais n'yo bang matulad sa mga nasa lansangan, sa mga basagulerong ito? Sister, nais mo bang magkaroon ng maiksing buhok, samantalang karangalang Nazarite n'yo ito sa Diyos na kayo'y may mahabang buhok? "Kahihiyan sa kaniya na pagupitan na kaniyang buhok." Magsusuot ba kayo ng mumunting paldang ito at iba pa na isinusuot nila sa araw na ito na mga immoral na damit, na aninaw na inyong katawan doon sa lansangan? Alam mo bang ang bawat lalaking tumingin sa iyo ay nakipangalunya sa iyo sa kaniyang puso? At inihaharap n'yo ang inyong sarili nang ganiyan. Nalalaman n'yo ba, mga kababaihan, kayong nagme-makeup, iisa lang ang babae sa Biblia na nagmakeup? At ipinakain siya ng Diyos sa mga aso. Isang Jezebel, isang pangalang kinamumuhian mula ng kapanahunan n'ya, dahil sa mga gawa niyang iyon. Alam n'yo bang si Elias na propeta ang sumumpa no'n at tinawag siya siya sa gano'ng paraan? Alam n'yo bang si Herodias yaong binabatikos ni Juan Bautista? Alam n'yo bang . . . Hindi n'yo nais maging pang-Hollywood na bagay na iyon ng sanlibutan. "Kung iniibig mo ang sanlibutan o ang mga bagay ng sanlibutan, ang pag-ibig ng Diyos ay hindi nanahan sa iyo."

115 Brother, kaibigang ministro, walang . . . Pinapakiusap kong unawain n'yo ako; ako ay kapatid n'yo. Nais n'yo bang makisama at gayundin kayong mga miyembro ng kung anong iglesia (Methodist, Baptist, o anuman), nais n'yo bang patuloy na manghawakan sa denominasyong iyan dahil ang inyong nanay, ang inyong lola ay nanghawakan do'n? Lumabas siya sa isang bagay upang makapasok do'n; iyon ang Liwanag ng araw na iyon; na, tulad sa panahon ni Noe. Ibang araw na ito. 316 Sasabihin mo, "Buweno, nagkaroon ako ng . . ."

Hindi ito araw ng Pentecostes. Ang panahon ng Pentecostes ay lumipas na. Tapos na ang Pentecostes; panahon na ito ng pag-aani.

Kita n'yo? At ang panahon ng pag-ani, ang butil; ang tubig ay naibuhos na; ang butil ay nahihinog na. Pumasok kayo sa butil, mahal kong kapatid. Pakinggan n'yo ako; paniwalaan n'yo ako; kung naniniwala kayo sa akin bilang isang lingkod ng Diyos, magsiyuko ang bawat isa sa atin sa kaniyakaniyang paraan na nagpapakumbaba at nag-aalay ng panalanging alam nating dapat nating ialay, "Diyos, tanggapin Mo po ako kung sino ako."

At brother, sister, inilalapag ko rin ang sarili ko sa altar ngayong gabi: Diyos, hubugin Mo po ako at baguhim Mo ako. Gumawa ka po ng isang bagay; Diyos, gawin Mo akong katulad Mo. Palagay n'yo ba ay madaling tamayo rito at tagpasin ang mga tao nang gayon? Napakahirap nito. Datapuwat sa aba ko kung hindi ko ito gagawin.

116 Mahan na Diyos, habang niyuyuko ng mga tagapakinig na ito ang kanilang mga ulo at puso, sa mataimtim na mga sandaling ito ng pagtatapos ng pagtuturo ng Biblia, kung kailan ay nakikita namin ang bindikasyon ng Espiritut Santo na yumanig sa bansang ito nang paroo't parito, at pabalikbalik, mga

dakilang revival at indikasyon, nalalaman naming kailangang masundan ito ng kung anong bagay. At pagkatapos ay nakita namin ang pitong anghel na iyon na bumaba sa tuktok ng bundok doon sa Arizona, na maging ang mga magasin sa buong bansa ay naglathala Nito. Ang Makita si Jesus Mismo doon sa kalangitan, na nakatingin sa ibaba, at sinasaad iyon sa Apocalipsis 10:7, sa mensahe ng ikapitong anghel, ang mga tatak na ito ay mabubuksan, ang mga hiwag ng Diyos ay maipapaalam, na hindi nagawang ilabas ng mga repormer dahil hindi snagging sapat ang haba ng kanilang buhay. At heto, ang pitong tatak na ito na nagselyo sa kabuuan nito ay mabubuksan sa araw na ito. Ang makita ang lahat ng mga dakilang tanda at kababalaghan na nangyayari, nabibindika, at naihuhula na bago pa maganap, at hindi Niya tayo minsan man binigo, kundi tinupad ito nang ayon sa pagkakasabi.

117 Mahal na Diyos, aming napagtatantong si Jesus Cristo ay nasa aming kalagitnaan. Nalalaman naming Siya ay naririto. Naririto Siya ngayong gabi, ang hindi nakikitang Diyos ay kasama naming rito, at magagawa Niyang pagtibayin ang bawat pangakong ginawa Niya sa Kaniyang Salita. Nagawa Mong tumayo at patunayan sa kanila nang nakatalikod, sa orihinal na pasimula bago pa pumasok ang mga mapagpanggap sa labanan, Panginoon, o sa karera, tulad ng nangyari. Ipinakita Mo at pinatunayan, inihula at sinabi kung papaano talaga ito magaganap, at nakita naming naganap iyon nang gayon. At, Amang Diyos, alam naming hindi maaaring tao ang may gawa nito; ang Diyos iyon. Kaya nalalaman naming Ikaw itong naririto ngayong gabi. Patawarin Mo kami sa aming mga pagkakasala.

Mahal na Diyos, pinagaling Mo ang aming mga karamdaman, ngayon nama'y patawarin Mo po ang aming mga kasalanan, Panginoon, sa di namin pagiging isang uri ng Cristiano na nararapat sa amin, hindi . . . Nag-aangkin kaming isang lalaki o babaeng Full Gospel, at narito't nasusumpungan namin ang aming mga sariling sumasadsad tulad ng isang makadenominsyong manok. Tulungan Mo kami, mahal na Diyos, kunin Mo kami at yugyugin Mo kami ng Iyong Espiritu Santo. At kung may anumnang bagay sa aming hindi tulad Mo, alisin Mo po ito sa amin, Panginoon. At itanim mo aming mga paa s banal na Salita ng Diyos, at hayaan Mo pong mag-alab ang Espiritu Santo sa aming mga puso at tanggalin ang lahat ng dumi ng di pananampalataya at ang pagkaantukin ng panahong ito; oh, magbangon Ka at yugyugin Mo kami. Itulot Mo poi to, Diyos. Linisin Mo po kami. Hubugin Mo po kami. Buuin Mo po kami. Diyos, itulot Mo po ito.

118 Kung mayroon man dito ngayong gabi, Panginoon, na humahawak sa kanilang puso nag butil na iyon, ng binhi ng Diyos na itinalaga sa Buhay mula pa nang itatag ang sanlibutan; alam ko, Panginoon, na nakatalaga silang makarinig sa oras na ito. Kaya idinadalangin ko, Diyos, na Iyong puspusin ang kanilang kaluluwa at liwanagan Mo po sila ng sariwang bautismo ng Espiritu Santo, at pauwiin sila nang nagagalak at nasisiyahan.

Panginoong Diyos, sila'y . . . Ibinibigay ko po sila sa Iyo. Hindi ko alam kung sino sila; Kilala Mo po sila. Ang pananagutan ko lang ay ang pangangaral ng Iyong Salita, Panginoon, habang inihahayag Mo Ito. Ikaw na po ang bahala sa iba pa: kung saan mahuhulog ang binhi. Hinasik ko lang ito. Panginoong Diyos, dumadalangin akong nawa'y nahulog ito sa mabuti at matabang lupa sa gabing ito, upang marami ang makakita nito, Panginoon, at magbangon upang maging nagliliwanag na mga Cristiano sa mga huling araw na ito, upang ang dakilang bagay na inaabangan naming dumating, ay dumating na nang mabilis. Itulot Mo poi to, Panginoon. At iuuwi Mo na ang Iyong iglesia, ang Iyong Nobya. Nakikita naming Ito ay nahahanda na.

Dumating Ka na, Panginoong Jesus. Ipinagkakatiwala namin ang lahat sa Iyo, sa Ngalan ni Jesus Cristo, upang ito ay magkabunga. Amen. 324 Mahal Siya, mahal Siya 'Pagkat minahal Niya ako Nag-alay ng kaligtasan sa Kalbar ...

119 Mahal n'yo ba Siya? Kung gayon kailangan n'yong mahalin ang isa't-isa. Kamayan n'yo ang isa't-isa sa muli ninyong pag-awit. Mahal Siya, mahal Siya 'Pagkat minahal Niya ako Nag-alay ng kaligtasan Sa . . . 326 Ngayon, bigyan natin Siya ng papuri. Ilan ba ang nakakaalam ng awiting ito? I will praise Him, I will praise Him, Praise the Lamb for sinners slain; Give Him glory all ye people, For His Blood has washed away each stain.

Awitin natin ito ngayon. I will praise Him, I will praise Him, Praise the lamb for sinners slain; Give Him glory all ye people, For His Blood has washed away each stain.

Hindi n'yo ba nararamdamang kayo'y nalinis nang lubusan? Itaas n'yo ang inyong kamay, at sabihin n'yo, "Oh, pinasasarap niyan ang aking pakiramdam." Brother, gustong-gusto ko ang mga lumang awiting iyon. Kayo rin ba? Tumatagos ang mga ito sa puso. I will praise Him, I will praise Him, Praise the Lamb for sinners slain; Oh, give Him glory all ye people, For His Blood has washed away each stain.

120 Itaas natin ngayon ang ating mga kamay at purihin ang Diyos, bawat isa sa atin, sa sarili nating paraan.

Panginoong Jesus, pinasasalamatan Ka namin. Pinupuri Ka namin, Panginoon. Binibigyan Ka namin ng papuri dahil sa isang bayang tinawag papalabas ng Babilonya. Pinasasalamatan Ka naming dahil sa Dugo

ng Iyong Anak na si Jesus Cristo. Pinasasalamatan Ka namin dahil nililinis Niya kami sa sandali ring ito. Kami'y . . . Humihingi kami ng kapatawaran ng aming mga kamalian, ng aming kahangalan, Panginoon, ng aming pagkakatisod sa kadiliman. O Diyos, makabangon nawa kami at magliwanag, at makalakad sa panggabing Liwanag, at maging bunga ng Punongkahoy na dumarating sa pamamagita ng panggabing Liwanag. Itulot Mo po ito, mahal na Diyos. Ipinagkakatiwala namin ang aming sarili sa Iyo, sa Ngalan ni Jesus Cristo.

Ngayon, habang nakayuko kayo, ibinabalik ko sa inyo ang mga pastor ng gawaing ito.

www.messagehub.info

Pangangaral ni

William Marrion Branham

"... sa mga araw ng tinig ..." Apocalipsis 10:7